

TABLE OF CONTENTS

CP-Senate
TCM - NATIONAL DEFENSE AND SECURITY (TWC)
MAR 20 1990

Attendance	1
Discussion on SBN 463	2-158
Adjournment	158



✓
CONGRESS OF THE PHILIPPINES
SENATE
RECORDS AND ARCHIVES DIVISION

REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
CONGRESS OF THE PHILIPPINES
SENATE
Manila

27-
(N)
3rd REGULAR SESSION

✓
COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE - TWG

DATE : March 22, 1990

TIME : 8:30 a.m.

VENUE : Board Room, Club Filipino
Greenhills, San Juan
Metro Manila

PRESENT. House

HON. RODRIGO B. GUTANG

TECHNICAL STAFF

Senate

House

Atty. Lorenzo E. Leynes
Atty. Alejandrino

Ms. Tess Araña
Atty. M. Olaño

Cmmdr. Aparri

Ms. Honor Apolonio

Atty. Cipriana Fernandez

Atty. F. Belen

Ms. DAisy Parker

Mr. Ollie Cronico

Secretariat

Atty. Cipriana Fernandez, Legcomsec

Mr. Arturo Mojica, Jr., Asst. Legcomsec.

Ms. Teresa Sarmiento, Committee Stenographer

Ms. Josefina Sevilla, Committee Stenographer

Ms. Cielito de Guzman, Committee Stenographer

Ms. Jeanne Baisa, Committee Stenographer

Mr. Reno Abad, Committee Stenographer

- 0 -

NOT TO BE TAKEN OUT OF THE
RECORDS AND ARCHIVES DIVISION

2008-30
1. CIPRIANA FERNANDEZ
RECORDS AND ARCHIVES DIVISION
2008-30

Committee on National Defense - TWG

Sarmiento, 3-22-90 10:30 p.m. 1

(The informal discussion started at 10:00 a.m.)

MR. LEYNES. Magandang accomplishment na iyon. Maski na bukas o sa Sabado na iyong mismong kuwan...

MS. OLAÑO. Dahil ang schedule natin sa Sabado iyong kanilang ano...

MR. LEYNES. Oo, dahil ipakikita ko pa sa Senate panel, kay Senator Maceda iyong kuwan, kung ano ang mapagtapanan natin. Lunes ko ibibigay sa... Kailan ba ang meeting? Kailan ba ang meeting ng body?

MS. OLAÑO. Wednesday.

MR. LEYNES. Wednesday ano?

MS. OLAÑO. Oo. Saturday kasi, o-overtime nga kami.

MR. LEYNES. Ano ba ang Wednesday?

MR. ALEJANDRINO. 28.

MR. LEYNES. 28. Kaya nga by Monday kailangan mai-draft na o Tuesday at the latest. At the latest Tuesday.

So, we go now to the outline form, ano ha. Dinala niya kasi. Wala ka bang... Ano ba iyong isang kuwan natin, pagkatapos ng PNP, ano ba ang sinunod mo?

MS. OLAÑO. PNP, ang kasunod is... What's the other bureau?

MR. LEYNES. Ano iyong inuna mong kuwan?

MS. OLAÑO. Ah, iyong fire.

MR. LEYNES. O, 'yon, simulan natin iyon.

MS. OLAÑO. Fire Protection Bureau.

MR. LEYNES. Chapter ano 'yon?

MS. OLAÑO. Chapter IV.

MR. LEYNES. IV ba 'yon? Okay. Chapter IV, ano 'yon?

MS. OLAÑO. Fire Protection Bureau.

MR. LEYNES. Fire Protection Bureau. Nasaan ang House version noon? Ano'ng section?

MS. OLAÑO. Page 25:

(Informal discussion)

MR. LEYNES. Ano ang sa Senate version?

MS. OLAÑO. Wala kayo eh.

MR. LEYNES. Wala ba kaming Fire Protection Bureau?

(Silence) Ia-outline ko muna itong sa Senate.

Isulat mo nga, Art, iyong sa Senate.

Article 1. Declaration of Policies.

Article 2. Creation and Organization of the Department.

Iyang Declaration of Polices, page 1, ha. Ilagay mo page 1.

Creation and Organization of the Department, page 2.

Ina-outline ko iyong aming Senate muna para kita ko kaagad kung ano na:

Page 2 ha.

Article 3. The National Police Commission, page 5.

Iyon lang ang Article.

Article 4. The Philippine National Police, page 11.

Article 5. The Bureau of Customs, page 24. Bureau of Coast Guard.

Article 6. The People's Arm for Community Development - PACD - page 24.

Article 7. The Bureau of Local Governments, page 26.

Article 8. The Philippine Public Safety College, page 28.

Article 9. Common Provisions, page 30.

Article 10. Disciplinary Machinery, page 31.

Article 11. Transitory Provisions, page 33.

Article 12. Final Provisions, page 36.

Wala nga kaming Fire Protection Bureau. Saan kaya nandoon iyon?

Okay iyon, 'pag wala kami at meron kayo at gusto ninyo, okay lang kami. Walang problema iyan.

Tingnan ko nga iyong... akina, akina.

Saan kaya puwedeng pumasok iyong kuwan...

Meron din kaming Fire Protection. Nandito sa loob ng PNP. Teka ha, titingnan natin. Para kung sakaling... para ma-identify na.

Eto, "The PNP shall have three major offices, as follows: Office of the Police Service, Office of the Fire Service and Office of the Detention and Correctional Service." Page 14 iyan of the Senate version. (Pause)

O, iyon lang ang nai-mention tungkol sa kuwan, wala ng iba. "The PNP shall have three major offices."

So, Fire Protection Service tayo ano ha, Fire Protection Bureau. Ilalagay natin ngayon, Section blank. Hindi, puwede na tayong mag-section kung dumating iyong kuwan eh. Section blank muna tayo - Composition. Magsisimula na tayo sa kuwan, sa specific outline.

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Fire Protection Bureau, ha?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. O, sige, Fire Protection Bureau.

Nag-jump tayo eh, kasi ang Chapter III PNP 'ata iyon ano?

MS. OLAÑO. So, Fire Protection Bureau.

MR. LEYNES. Oo, tapos, Section blank.

MS. OLAÑO. Section blank, Creation and composition.

MS. OLAÑO. Iyon ang gusto n'yo, Creation and Composition? Ba't meron pang "Creation?"

MS. OLAÑO. Wala na 'no?

MR. LEYNES. Puwede ng "Composition" na lang.

MS. OLAÑO. Oo, dahil ano na 'yon, given na iyon eh.

MR. LEYNES. Oo, puwede na iyong dating kuwan n'yo - "Composition." Okay.

Kasi ang kuwan diyan, kasi ang nangyari nga diyan, kaya hindi kami naglagay ng Fire Protection... Ito ba'y agreed upon by the subcommittee?

MS. OLAÑO. Oo..

MR. LEYNES. Kaya hindi naglagay ng separate, ng Fire Protection Bureau, kasi ang intention diyan, lahat ng mga 'yan ilalagay sa PNP para walang magsasabing, "Ako taga Fire Protection." Pare-pareho kayong Philippine National Police - kahit na Fire kayo, kahit na kayo'y kuwan, para walang... para sabay-sabay... 'Pagka kinailangan ang serbisyo n'yo, hindi kayo aangal kung kuwan, under one PNP kayo.

MS. OLAÑO. Ang point naman nila eh iyon na nga, para raw naaaping masyado iyong mga nasa ano tapos nakukuha iyong... what's this, iyong budget.

MR. LEYNES. Pero binigyan naman sila ng three major services eh, kasama sila eh. Binigyan din sila ng porma dito sa Senate - tatlong major services - isang Police, isang Fire, isang Penology. Hindi na iginawa sila ng separate bureau para nga one PNP. Iyon ang idea diyan eh.

MR. ALEJANDRINO. Iyan ang... ni General de Villa noong gabi.

MR. LEYNES. Na ano?

MR. ALEJANDRINO. Na pinag-usapan nina Commodore Aparri.

MR. LEYNES. Na ano?

MR. ALEJANDRINO. Para daw...

MR. LEYNES. Ano? Ayaw?

MR. ALEJANDRINO. Oo, ayaw nilang ihiwalay.

MR. LEYNES. Nino?

MR. ALEJANDRINO. Gen. de Villa

MR. LEYNES. So, gusto nila iyong Senate version.

MR. ALEJANDRINO. Oo, siyempre... with respect to

Sarmiento

3-22-90

10:39 a.m.

5

Fire and Jail Management Bureau.

MR. LEYNES. Kasi noong una merong diperensiya 'yang PSPC-INP, parang separate pa 'yan eh. Ang idea ngayon dito gawing ano, dahil ang... /trs



Senate Archives (ERAS)

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 1 March 22, 1990 10:59 a.m. 1

MR. LEYNES.

.... ang nakalagay doon "there shall be one national police which is civilian in character", yun ang Constitution.

MS. OLAÑO. Oo. Hindi yun, ang mangyayari doon, kung ide-define nga silang part of the police system pa rin.

MR. LEYNES. Oo.

MS. OLAÑO. Kaya nga ang sabi ko actually mahirap din yun kasi mahirap din na ihiwalay. Kasi yun nga, parang it partakes -- yung duties nila it partakes of the nature of police also, yung kuwan nila. Yun yung actually dapat i-settle nila, pero I think they agreed already.

MR. LEYNES. Pero ang sa atin, for purposes naman ng pagsunod natin sa kuwan, at kai-i-stop naman, sabi naman sa atin, ang ating mission is "follow what the sub-committee has decided". Di yun ilagay natin nga yung doon sa... Pero napapagusapan lang natin. We cannot, even against our wisdom, hindi natin maaaring contrahin kung ano yung sinabi ng sub-committee. So, ang mahalaga, sinabi ng sub-committee mag-create daw ng separate bureau. Okay.

MR. ALEJANDRINO. Decided na yan.

MR. LEYNES. Okay, di problema na nila yan pagdating doon sa mother committee. So, as a staff sumunod na lang tayo sa gusto nila.

Okay, Composition. Composition lang ano?

MS. OLAÑO. Oo. Composition na lang kasi actually, di ba parang nag-create na tayo doon ng composition ng department.

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 1 March 22, 1990 10:59 am. 2

MR. LEYNES. O sigue, another section.

MS. OLAÑO. Composition, then Powers and Functions.

MR. LEYNES. Powers and Functions. Wala na yung of the National Park Protection Service?

MS. OLAÑO. Wala na, kasi understood na yun.

MR. LEYNES. Powers and Functions.

MR. LEYNES. Then Organization.

MR. LEYNES. Hindi pa rin natin malagalayang section number kasi nandiyan tayo e. Ito yung ating kuwan, gumawa lang muna ng outline.

MS. OLAÑO. Wala na yung word "national" ano?

MR. LEYNES. Ito ang susundin. Yan ang susundin natin.

So, Powers and Functions, Section ____.

MS. OLAÑO. Alisin na natin yung word na "national" ano? Fire Protection Bureau na lang.

MR. LEYNES. Oo. Yun ba ang sabi doon sa sub-committee?

MS. OLAÑO. Wala naman silang ano as to the name or what, pero I suggest, kasi power...

MR. LEYNES. Nasaan?

MS. OLAÑO. Ito.

MR. LEYNES. Saan ba yung sa House?

MS. OLAÑO. Ano ba ang pangalan nung sa House?

MR. LEYNES. National Fire Protection.
ko
Hindi akala /Fire Protection Services lang yung sa kanila.

MS. OLAÑO. Oo, yun na nga e, Fire Protection Bureau na lang, wala na yung word na "national".

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 1 March 22, 1990 10:49 a.m. 3

MR. LEYNES. Nasa loob na yun. Pagdating doon sa loob, total wala naman sa kanilang title yun. Sa loob i-retain ninyo, always retain kung ano ang sinasabi nila. Bahala sila sa kuwan.

MS. OLAÑO. Wala, wala naman silang...

MR. LEYNES. Kaya nga, pag dri-naft ninyo yan, huwag niyong alisin yung "national" kasi, may pinagusapan yan, mahabang discussion yan, hindi natin alam yung kuwan. We cannot recall what happened in the floor kung bakit naglagay ng "national". Basta ire-retain natin kung ano ang nakalagay. Ang papalitan na lang natin yung "service" gagawin nating "bureau". Pero huwag natin aalisin yung mga words na - pag-drinaft ninyo, hamo na lang silang mag-alis niyan kung gusto nila. Pero ang staff maglalagay ng recommendation. Note: It is suggested that the word "national" be deleted. Parang ganoon lang ang ating kuwan sa kanila. Huwag natin agad aalisin.

MS. OLAÑO. So, ituloy natin yung outline nao ano ha? Nasa Powers and Functions. Okay, sumunod?

MS. OLAÑO. Organization.

MR. LEYNES. O, itong head of the National Protection Service, ano ito.

MS. OLAÑO. Yun na yun.

MR. LEYNES. Organization ang tawag mo riyan. Organization, Okay. Ano pa? Yung Field Operating Units? Ano yun regional ang tawag diyan?

MS. OLAÑO. Which one?

MR. LEYNES. Itong Field Operating Units. I'm talking of ;House version. Kasi wala kami niyan.

10

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 1 March 22, 1990 10:59 a.m. 4

At saka siyanga pala, tapos na tayo sa transitory provision saka doon sa isa. Hindi na muna natin gagalawin yung common provisions e.

We are, at present rate, making an outline of the easiest portions. Yung tungkol doon sa kuwan, Commodore, itong aming ginagawa ngayon, based on the instruction of Congressman Gutang, gumawa muna kami ng outline, detailed outline of the entire bill. We are not yet going into the actual phraseology of the bill, based on what has been agreed upon in sub-committees. Kaya, inu-umpisa na namin yung specific outline, yung madadali lang muna. We have finished already the first three portions of the bill on three chapters at saka yung last portion which we think walang controversy.

Ngayon, nandito na kami sa Chapter 4. Chapter ba ang ginagamit natin?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Okay, so, Organization na tayo ano? Section ___, Organization. So, another section, Section -- Mayroon na rin ba kayo dito sa outline ninyo yung staff na ginawa ninyo ng technical working group? Dito sa technical working group, Naggawa na rin ba kayo noon?

MS. OLAÑO. Alink

ng I
MR. LEYNES. Noong Chapter/5?

MS. OLANO. Oo.

MR. LEYNES. Dito sundan natin, anong page noon?

MS. OLAÑO. Page 20.

MR. LEYNES. Page 20, sigue, ito sundan

U

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 1 March 22, 1990 10:59 a.m. 5

natin. Ito more or less ang ginawa ninyo. Page 20? Hindi yata 20. Hindi, sa kuwan yan, I'm talking of the, yung ginawa ninyo ng technical working group.

MS. OLAÑO. A yan yung tayo, yun siguro yung old, Chapter 4, 5.

MR. LEYNES. Page 23 ako dito e. Ang una ninyo iba e, "Creation of the Philippine..."

MS. OLAÑO. Pero ang ano ko na lang e Composition na lang e. Kasi actually we referred to that already doon sa department.

MR. LEYNES. Okay, Composition.

MS. OLAÑO. Composition, and then Powers and Functions, puwedeng pag-isahin na yun e. Kasi may isa pang section on powers and functions. Then Organization.

MR. LEYNES. Actually unaman ang dinami sa House. Duties lang ang inilagay.

MS. OLAÑO. Powers and Functions.

MR. LEYNES. Third, Organization.

MS. OLAÑO. Then mayroon pa dito Field Operating Units.

MR. LEYNES. At least, madali na ito.

MS. OLAÑO. Then next, Field Operating Unit

MR. LEYNES. Field Operating Units. Ano naman ang kuwan noon or the regional office. Sigue, ilagay natin yan.

MS. OLAÑO. Organization pa rin yun e. Ilagay na lang natin sa Organization.

MR. LEYNES. So, lagyan mo yung Organization ng ...

MS. OLAÑO. Pati yung Establishment of Fire Stations.

12
COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 1 March 22, 1990 10:59 a.m. 6

MR. LEYNES. Oo, Organization. Ah, hindi, huwag natin baguhin. Ilagay na natin yan. Isunod na natin sa House.. Field Operating Units.

MS. OLAÑO. Establishment of Fire Stations.

MR. LEYNES. Section Qualification of Standards.

MS. OLAÑO. Oo. Wala na.

MR. LEYNES. Okay, yun ang Fire Protection Bureau?

MS. OLAÑO. So bale sinunod niyo ang sa House\

MR. LEYNES. Kasi wala naman ang kuwan.

MS. OLAÑO. Sa Senators?

MR. LEYNES. Sa Senate mayroon lang, nandito sa gitna ng Philippine National Police. And there will be three major services, the police, the fire and the penology yata, walang specific detail. So, wala namang conflict yan kung kuwan yan.

So, ang susunod na bureau, Chapter ano yan? Ito yung aming tapos na e.



MS. ARAÑA. Puwede ho paki ilit yung mga sections, yung simula...:

MR. LEYNES. Wala pang, yung chapter 4 wala pa tayong section numbers. Because ang Chapter 3 is PNP. Mahaba yun kaya hindi pa natin tina-touch muna. Chapter 4. Fire Protection Bureau. Okay, Section , Composition.

MS. ARAÑA. A, nauna po yung Composition.

MS. OLAÑO. Oo. Kasi ganoon din ang arrangement sa Management and Penology Bureau, kaya pinagisa na yung arrangement.

MR. LEYNES. Section , Powers and Functions. Lagyan kaya muna natin ng one, two,

(b)

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 1 March 22, 1990 10:59 a.m. 7

three.

MS. OLAÑO. Linagyan na nga.

MR. LEYNES. Section 1. Composition.
Section 2. Powers and Functions.
Section 3. Organization
Section 4. Field Operating Units
Section 5. Establishment of Fire
Stations.
Section 6. Qualification Standards.

.... /jpa



MR. LEYNES. Section 6. Qualification Standards. These are all House versions. Ang rule sa bicameral Conference Committee, kung walang conflict, retain iyong walang conflict. Kaya sumusunod lang tayo doon sa kuwan.

MS. OLAÑO. Sections 35 to 40 iyon ng House Bill.

MR. LEYNES. Since wala namang conflict ang Senate dito, we will retain this.

MS. OLAÑO. Chapter V.

MR. LEYNES. Chapter V.

MS. OLAÑO. Jail Management and Penology Bureau.

MR. LEYNES. Jail Management and Penology Bureau.

MS. OLAÑO. Sa Section 1, Composition.

MR. LEYNES. Section 1. Nasaan iyon? Ano'ng page sa kuwan 'yan? Wala rin tayong specific niyan, Rey, sa kuwan eh, sa Senate eh.

MS. OLAÑO. Sa House version, page 26.

MR. LEYNES. Sa Senate wala eh. Ito ang sa Senate eh - PNP, Bureau of Coast Guard, PACD, Bureau of Local Governments, Philippine Public... Common Provisions.

Ano iyong page ninyo sa House?

MS. OLAÑO. 26, 27, 28.

MR. LEYNES. Ah, so Composition again.

MS. OLAÑO. Oo, same order. Powers and Functions.

MR. LEYNES. Pumayag na ba dito sa mga bureaus na ito ang Senate panel?

MR. ALEJANDRINO. Oo, kasi ipinalit nila iyong Department of Interior.

MR. LEYNES. Wala naman akong narinig na objection si Senator Maceda dito eh. Wala ano?

MR. ALEJANDRINO. Wala naman.

MR. LEYNES. Wala siyang kuwan diyan.

MR. ALEJANDRINO. Nag-agree nga sila noon dahil instead of Interior, ginawang Public...

MR. LEYNES. O, pero si Senator Pimentel ayaw ng...

MR. ALEJANDRINO. Ayaw mag-create ng ano eh... ayaw niya.

MR. LEYNES. Ayaw niya noong Public Safety and Order kasi para daw militaristic iyon eh. Ang sabi niya precisely civilian in nature nga ang itinatayo natin. Iniiwas niya kasi iyong coup d'etat... Ang kuwan dito iyong coup d'etat eh. Panlaban ito sa mga...

MR. ALEJANDRINO. Actually panlaban ito sa AFP.

MR. LEYNES. Panlaban ito sa AFP.

MR. ALEJANDRINO. Pambalanse iyan eh

MR. LEYNES. Pambalanse ito eh. Eh kung maa-absorb din sila... Kaya ang nomenclature nila civilian eh para ma-identify sila, protector sila ng civilian authorities eh, iyong the supremacy of the civilian authority eh.

Kaya tama rin sa isang parte si Senator Pimentel eh. Ayaw niya iyong Public Safety and Order eh. Parang may pagka-military. Hindi katulad ng Interior, civilian iyan talaga. Eh pag-uusapan na nila iyon. Basta kung ano lang iyong pinag-usapan sa subcommittee, iyon ang ilagay natin. Di bahala silang mag-change 'pagka buo na iyong kuwan.

So, Composition.

MS. OLAÑO. Oo. Powers and Functions.

MR. LEYNES. Powers and Functions uli.

MS. OLAÑO. Oo. And then Organization.

MR. LEYNES. Section 3. Organization din.

Section 4.

MS. OLAÑO. Field Operating Units.

MR. LEYNES. Meron din ba kayong Field Operating Units dito?

MS. OLAÑO. Then, Section 6. Provincial Jails - Establishment of Provincial Jails.

MR. APARRI. Na-settle naman iyan up to what...

MS. OLAÑO. Section 1. Composition.

Section 2. Powers and Functions.

Section 3. Organization.

Section 4. Field Operating Units.

Section 5.

MS. ARAÑA. Establishment of...

MS. OLAÑO. Hindi, Provincial muna, Provincial Jails.

Then Section 6...

MR. BELEN. Research muna daw doon.

MR. LEYNES. Saan, saan?

MR. BELEN. Doon sa Bureau of... issasama.

MS. OLAÑO. Oo.

MR. BELEN. Pati ang NBI gusto ring pumasok.

MR. LEYNES. Eh, di gumawa tayo ng research tungkol doon.

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Tapos, basta iyon lamang... Ang job lamang naman natin eh ilagay sa... in proper form iyong pinag-usapan sa kuwan eh.

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. So that's what we are doing.

"Establishment of Provincial, Municipal and City Jails.

MS. OLAÑO. Oo, iyon Section 5 iyon.

MR. LEYNES. Section 5.

Section 6.

MS. OLAÑO. Iyon iyong National. Ay, dapat nga ahead iyan eh.

MR. LEYNES. Wala na iyong Qualification Standards?

MS. OLAÑO. Wala.

MR. LEYNES. Ano ba iyong/ ^{ibig} sabihin nilang

Qualification Standards?

MS. ARAÑA. Dapat di ba 'pag nandoon iyong sa ...

MS. OLAÑO. Oo, dapat nandoon din 'yon sa Jail.

MR. LEYNES. Ha?

MS. OLAÑO. Isama na rin natin.

MR. LEYNES. Oo, lalagyan natin ng...

MS. OLAÑO. Nasa Common Provisions na naman siguro iyong.

MR. LEYNES. Oo. Basta hindi baleng magdagdag huwag aalisin sa version ng House o ng Senate. Magdagdag na lang. Tapos lalagyan na lang ng note na this is an additional... as recommended by the staff.

MS. OLAÑO. Oo, kasi nga...

MR. LEYNES. Oo, parang ganyan. Lalagyan lang natin ng parang pinaka-legend diyan.

Okay, Qualification Standards. Section 6. Di pareho iyan ng kuwan, ng Fire Protection Bureau. Baka iyon ay alam mo...

MS. OLAÑO. Bakit ito "By the Commission"?

MR. LEYNES. Tingnan mo ha, 'pag nakita mo iyong...

MS. OLAÑO. Sandali. Ito, di..."shall be prescribed by the Commission". Di ba itinake-out natin from NAPOLCOM iyong ano, iyong Fire Protection? Magkakaroon ng ano, magkakaroon ng...

MR. LEYNES. Ano 'yon?

MS. OLAÑO. Hindi, kasi ito, based on Section 40, "The qualification standards by the members of the Fire Protection Service shall be prescribed by the Commission based on the requirements of the service." But then we take, di ba?

MR. LEYNES. Ano 'yon?

MS. OLAÑO. Iyong Fire Protection from NAPOLCOM - PNP na lang eh.

18

MR. LEYNES. Hindi, terminology na lang 'yon 'pag sa technical staff. Pero ang kinukuwan lang natin iyong pinaka-substance ng body - iyon ang outline. Pagdating na doon sa write-up ng provisions, doon na lang natin ire-reconcile iyan. Nasa outline four pa lang tayo eh, nasa outline pa lang tayo.

Ngayon, sa nakikita ko, dalawa na ang common. Redundant ito kung pareho lang. Puwede ng isama natin sa Common...

MS. OLAÑO. sa Common Provisions.

MR. LEYNES. Puwede nating absorbin itong Common Provisions eh. Iyong Compositon lang ang ilalagay natin eh. Ewan ko ha, sa style na... sa style, ito ba'y 'pagka ganitong parehong-pareho eh, parang repeat ito eh...

MS. OLAÑO. O, even the Field Operating Units.

MR. LEYNES. Puwede nating ilagay sa Common Provisions eh.

MS. OLAÑO. Establishment of ano.

MR. LEYNES. So, style na lang iyon. Sa style na lang, pero ilalagay lang muna natin iyan. Kasi 'pag naka-outline na ganyan, mas madaling makita eh, 'pag in-style mo eh.

So, Chapter VI na tayo.. Saka na natin isipin kung ilalagay nating Common Provisions 'yan. Chapter VI. Ano ang Chapter VI mo?

MS. OLAÑO. Bureau of Civil Defense.

MR. LEYNES. Ano?

MS. OLAÑO. Community Relations and Disaster Management Bureau.

MR. LEYNES.. Community Relations and Disaster Management Bureau. Ang haba ng pangalan 'yan ah.

MR. APARRI. Dito sa pangalan may comment si General de Villa diyan.

MR. LEYNES. Mahaba eh.

MR. APARRI. Sabi niya, "Bakit hindi puwedeng walang Community Relations pagkatapos i-identify na lang doon sa..." Puwede mo ng hindi... Disaster Management basta sa...

MS. OLAÑO. Hindi, kasi ayaw nilang matanggal sa DND iyong ano, iyong... Ayaw nilang matanggal sa DND.

MR. LEYNES. Kasi may pondo iyon eh.

MR. ALEJANDRINO. Malaki ang pondo noon.

MS. OLAÑO. International ano.

MR. LEYNES. Malaki ang pondo noon.

MR. ALEJANDRINO. Kaya ayaw nilang alisin.

MR. LEYNES. Kaya ayaw niyang alisin.

MR. ALEJANDRINO. Even iyong school kaya ayaw alisin eh.

MR. LEYNES. Kayo ang may sabi niyan ah.

Meron ba ang House nitong version na ito - Community Relations?

MS. OLAÑO. Meron, iyong Civil...

MR. LEYNES. Nasaan?

MS. OLAÑO. Hindi pa nagagawa iyong sa ano pero meron kaming Civil... may pinrepare na iyong...

MR. LEYNES. Wala kayo sa House version?

MS. OLAÑO. Civil Defense may... Wala, wala.

MR. LEYNES. Wala. Bago ito, bago?

MS. OLAÑO. Oo..

MR. LEYNES. Itong Community Relations?

MR. APARRI. Senate iyan, Senate version.

MR. LEYNES. O, tingnan natin iyong sa Senate version.

MS. OLAÑO. Hindi, kasi, iyong more or less parang ire-reconcile.

MR. LEYNES. Iyong PACD?

Sarmiento

3-22-90.

10:59 a.m.

7

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Tingnan natin iyong PACD, page 32.

MS. OLAÑO. Community Relations. Anyway, more or less, ito iyong ano n'ya, iyong functions-- Community Relations...

MR. LEYNES. So, wala sa House version 'yan?

Tingnan natin itong Senate version ng PACD.
(Informal discussion)

O, ang sa kuwan, ang sa Senate ay PACD, Community Development; dito sa inyo, Community Relations and Disasters. Meron na ba kayong... sa draft ninyo, iyong technical working group?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Nasaan?

MS. OLAÑO. Nag-draft na kami.

MR. LEYNES. Nasaan?

MS. OLAÑO. Civil Defense pa lang. Kasi, iyon pa lang iyong idea before.

MR. LEYNES. Anong page sa draft ninyo?

MS. OLAÑO. Dahil ang sabi nga aalisin na iyong PACD.

MR. LEYNES. Anong page?

MS. OLAÑO. Wala diyan.

MR. LEYNES. Ba't na-agreed na ba na aalisin ang PACD, na-agreed na ba?

MS. OLAÑO. Noon. Tapos ang pinaka-latest nga, ang agreement is to put them together. Parang somehow kukuha ng ano doon sa gagawing Community Relations Bureau plus Civil Defense.

MR. LEYNES. Kahit wala iyong PACD basta ang importante kung ano ang pinag-usapan nila.

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Maglagay ng Community Relations and Disasters.

Sarmiento

3-22-90

10:59 a.m.

8

MS. OLAÑO. Oo, Disasters...

MR. LEYNES. And Management Bureau. Ngayon, iyong Provisions ang ilalagay natin. Saan tayo kukuha ng pattern.. /trs



28

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE

SEVILLA II - 2

March 22, 1990

11:09 a.m. 1

MR. LEYNES

... Saan tayo kukuha ng pattern?

MS. OLAÑO. Ito, ang sa Civil Defense and drinaft namin.

MR. LEYNES. Nasaan\

MS. OLAÑO. Ito, pero wala pa diyan yung sa Community Relations e, kasi bago kasi.

MR. LEYNES. Bureau of Civil Defense, mayroon ba tayo nitó sa ating bagong kuwan.

MS. OLAÑO. Hindi, dahil hindi pa nga diyan naka-integrate yung community relations.

MR. LEYNES. Ang general outline natin PNP, National Police Defense, Community Relation, Public Safety, wala naman tayong Bureau of Civil Defense?

MS. OLAÑO. Hindi, yan nga yung ano, disaster preparedness, disaster management.

MR. LEYNES. Dito natin kukunin ang disaster's management?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. I see. Sino ang nagdraft nito?

MS. OLAÑO. Kami.

MR. LEYNES. Saan ninyo pinattern ito?

MS. OLAÑO. Mayroon kasi noong -- I prepared a draft creating an office of Civil Defense under the Office of the President based ^{on} also/the functions of Civil Defense now.

MR. LEYNES. Existing?

MS. OLAÑO. Oo. Tapos they prepared also a draft.

Yun yung basis ko.

87

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 2 March 22, 1990 11:09 a.m.

MR. LEYNES. So, do you think, itong Disasters of Bureau na ito, management bureau, in the mind /who proposed this is the very same one -- such a discussion ha?

MS. OLAÑO. I guess so. Anyway we can take...

MR. LEYNES. Were you present during the Subcommitee discussion?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Ito ang nasa idea nila.

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Kung yun ang nasa idea di yun ang ating i-present sa kanila. Anyway, binigay nila sa atin ang discretion na gawin ang kuwan, wala naman silang binibigay na provision, di, what is nearer to their intention. This is the nearest one to their intention. So, we will adopt your kuwan.

MS. OLAÑO. Although we have to integrate the functions of the community relations kasi they want to put them together.

MR. LEYNES. Dito, Civil Defense lang ito\?

MS. OLAÑO. Oo. Disaster Management lang yan.

MR. LEYNES. So, ang i-integrate lang natin ay itong draft plus the Senate version of PACD?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Yun ang kuwan natin? Let us try to do that.

What is covered by PACD is not covered in this Civil Defense draft of civil defense at saka disasters, is that clear?

MS. OLAÑO. Yes.

BICAMERAL CONFERENCE
COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 2 March 22, 1990 11:09 a.m. 3

MR. LEYNES. Okay. So, why don't we, since community relations yan, unahin na natin yung Senate version, ha? Ilagay natin, let's say, yung, Creation, Creation muna. Creation of the... -- composition din puwede nating ilagay to be in uniform?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Section 1. Composition. Tapos ano ang ilalagay natin sa Composition? Kasi, hindi katulad kanina mayroon na tayong pattern and that is really in the House version which has been approved. And in the rule of the Bicameral Conference Committee kung walang conflict, i-a-adopt yung version na hindi ka-conflict, kaya tama lang itong atin.

MS. OLAÑO. Composition from the Office of Civil Defense.

MR. LEYNES. Ngayon, sapagkat this is new, we have to more or less agree on what will be the section.

Section 1. Composition. Ano ang ilalagay nating composition? Alin muna, shall we divide Community Relations and Disasters Bureau?

MS. OLAÑO. Put them together na into one bureau.

MR. LEYNES. Put them together into one bureau. Dito ba may composition ka riyan ano? Mayroon ka rin composition dito ano? Pero you're talking here of the Civil Defense?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Ito hindi ito disasters e. Isasali ba natin itong...

MS. OLAÑO. Disaster management na yan actually.

28

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 2 March 22, 1990 11:09 a.m. 4

Binago kasi ang pangalan.

MR. LEYNES. Ah, ito ang disaster's management?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. So, susundin natin ito dadagdagan na lang natin. Kulang lang dito Community?

MS. OLAÑO. Oo, Community Relations.

MR. LEYNES. So, tignan na lang natin itong Community ng PACD.

"This was created headed by the National Administrator headed by the..."
(reading).

MS. OLAÑO. What page is that?

MR. LEYNES. Page 24. Okay, Composition, di tama na itong gawin natin. Ito na rin ito.

MS. OLAÑO. Plus, siguro, whatever necessary, yung staff necessary.

MR. LEYNES. Hindi, sa Senate ng PACD, they have the National Administrator and two Deputy Administrator.

MS. OLAÑO. Sa Organization yan, we will put that under Organization.

MR. LEYNES. Sa organization?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Sa Composition naman - "The bureau of civil defense shall be composed of officers and offices of the existing Office of Civil Defense under the National Defense."

There is no such thing as PACD now in existence.
Is there?

MS. OLAÑO. None.

24

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 2 March 22, 1990 11:09 a.m. 5

ed

MR. APARRI. Absorb /ito ng Local Government, sa Local government yan.

MR. LEYNES. So, ang gagawin natin ay: "The Bureau of Community Relation shall be composed of officers and employees of the existing offices of the PACD and under the Department of Local Government and the Office of Civil Defense under the National Defense."

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Okay na yun. Composition - Sa Composition, now we will try, since this is a new office, we will try to put some notations.

Compositon (the existing offices composed of officers and employees of the existing...)

Mayroon bang offices ang PACD community? Kasi, Department of Local Government and Community Development. Iba ang pangalan ngayon ng kuwan? O Department of Local Government?

yun MR. ALEJANDRINO. Local Government na lang yun.

MR. LEYNES. Department of Local Government and Development? Saan napupunta yung "Community Development"

MR. ALEJANDRINO. Yun na rin, inalis lang.~~REPO~~

MR. LEYNES. Pero nandodoon pa rin yung community?

MR. APARRI. Nandoon pa rin.

MR. LEYNES. Nandoon pa rin. So, ilalagay nga natin.

"...officers and employees of the existing community development in the Department of Department of Local Government (DLG) and Office of Civil Defense under the

21

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 2 March 22, 1990 11:09 a.m. 7

Department of National Defense (DND). Yan ang parang composition. We now put a certain description of the composition. Kasi ^{this is new,} wala tayong pattern.

Suggestion lang naman natin ito, depende sa staff niyo.

"Officers and employees of the existing community development under the DLG ~~and~~ Office of the Civil Defense under the DND."

Dapat yun "with respect to disasters management"?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Dapat may ganoon, "Civil Defense with respect" -- And Office of the Civil Defense with respect to disaster's management", di ba? Hindi lahat yung mga taga Civil Defense pupunta sa kuwan, yun lang nag-fa-function ng disasters.

MS. OLAÑO. Pero yun lang talaga ang function nila e, iisa lang yun e.

MR. LEYNES. Ah, iisa, yun pala naman e. Wala na, akala ko may iba pang function. Office of the Civil Defense, lahat ng mga empleado and officers ng taga Civil Defense pupunta na sa Community of Relations and Desasters Management Bureau? Okay? Section one yun ano?

MS. OLAÑO. Section 2. Powers and Functions

MR. LEYNES. Hindi, yung organization.

MS. OLAÑO. Hindi, inuna muna natin ang Powers and Functions.

MR. LEYNES. Section 2, Powers and Functions.

MS. OLAÑO. Section 3. Organization.

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 2 March 22, 1990

11:09 a.m.

8

MR. APARRI. Magkaroon ka ng split diyan.

MR. LEYNES. Siguro, dapat i-split nga. Powers and Functions of the -- kasi community naman ang title nito, Community Relations.

MS. ALAÑO. I-divide na natin into two.

MR. LEYNES. Community Relations and Disasters Bureau. Katulad ng Bureau of Forestry, Bureau of Mines, ano ba ang composition niyan?

MR. ALEJANDRINO. Idinivide na lang yan, hiniwalay na. Forestry for the Mines and Bureau of Mines and Bureau of Forestry na yan.

MR. LEYNES. Oo nga, ang ibig sabihin ko nga...

MS. OLAÑO. Ito, isang bureau lang pero pag pinagsama mo yung...

MR. APARRI. There are two distinct offices.

MS. OLAÑO. Oo. Create kaya nating dalawang offices? .../jps



MS. OLAÑO. Oo. I-create kaya natin dalawang offices?

MR. ALEJANDRINO. Office of Community Relations, ... saka ano?

MR. APARRI. Doon sa organizational diagram natin talagang split iyon eh - bureau, tapos offices below. After the Composition puwede ka ng mag-split eh, sa Powers and Functions. Powers and Functions is kuwan na, Civil Relations. So Section 2 refers to Civil Relations.

MR. LEYNES. 'Pag nag-iba ka niyan, maglalagay ka ng mga opisyales na matataas sa bawat opisina niyan.

MS. OLAÑO. Iyon na nga eh.

MR. LEYNES. Hindi, pagsamahin na lang natin, pag-mix na lang natin.

MS. OLAÑO. Sige.

MR. LEYNES. O, Powers and Functions. Ilagay na natin, integrate Section 46 of the Senate version-- 46 of Senate version, ha?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. To the draft, to this suggested draft of House on the Bureau of Civil Defense. Iyon ang title ngayon eh - Bureau of Civil Defense. 'Pag-mix-in na lang, ganoon, ha? 'Yan o. Kasi 'pag nag-divide natin, magkakaroon sila ng pinaka-head nila bawat isa eh, which is not the intention.

O, so tapos na 'yon ano. Sa Powers and Functions you just integrate.

Section 3. Organization.

MS. OLAÑO. Tapos...

MR. LEYNES. Teka, ang Organization... iyong Organization na sa kuwan. Dalawa ang administrator and two deputies eh. Sa inyo ba, sa kuwan, ang Organization ninyo, ano ang inilagay mo? Wala na, iisa na lang ang

Organization n'yo eh. Nasaan ang Organization? Meron ka na bang Organization? Wala 'ka pa yata eh.

MS. OLAÑO. Baka wala.

MR. LEYNES. Wala eh.

MR. APARRI. Doon yata sa first page... kung sino ang magma-manage.

MS. OLAÑO. Wala.

MR. LEYNES. Eto, meron.

MR. APARRI. Will be composed of officers...

MR. LEYNES. Hindi, Director-General eh. Tama.

Ngayon, iyong ipa-pattern nga ninyo kung papaano kayo... ang phraseology ng Organizaiton doon sa... Nasaan ba iyong House version? Nasaan iyong sa Jail?

MS. OLAÑO. Gagawin na lang nating consistent.

MR. LEYNES. Hindi, gagayahin natin iyong... sample ha. Nasaan ba iyong Jail Management? Eto. Ito na lang sa kuwan. Nasaan ba ang Organization?

MR. APARRI. Head of the kuwan, head of the National...

MR. LEYNES. Oo, pero walang... Bago kasi iyong Organization na... wala rin sa House version iyon eh. Ano ba ang nasa isip mo nang ilalagay sa Organization?

MS. OLAÑO. Eh kung direct ano 'yan eh... Bureau Director eh.

MR. LEYNES. Ano ang ginawa ninyo sa Organization? Nasaan ang sample mo sa organization?

MS. OLAÑO. Eto, iyong katulad sa Jail. "The head of the Jail Bureau shall be the Director-General and shall be assisted by the Deputy Director-General."

MR. LEYNES. Iyon, di ganoon na lang. Kuwan, Organization. Use the same kuwan, use the same style doon sa kuwan, doon sa Fire Protection, ha? Iyon naman sa Senate, mawawala na iyon, iyong head ng National

Administrator eh.

MS. OLAÑO. Oo, okay.

MR. LEYNES. Ano ang tawag ninyo dito ngayon? Ang tawag ninyo rito sa kuwan eh Director-General eh; sa kuwan National Administrator eh. Eh... Director 'yan eh.

MR. APARRI. Bureau Director.

MS. OLAÑO. Bureau Director.

MR. LEYNES. Di Director-General. Okay na 'yon. Bahala na sa term noon, basta meron ng organiza... Use the same phraseology na lang under Fire Protection ha - Fire and Jail Bureaus. Iyon ang gagawin ninyong style ha.

MR. APARRI. Atty., ang kuwan diyan, PNP, which is the same level is Director-General.

MR. LEYNES. Oo, nga, tama. Aalisin na iyong Director-General. Bureau Director na lang 'yan. Kung ano'ng ginagamit ninyo, gagamitin ninyo doon sa Jail at saka sa Fire Protection, iyon na lang ang gamitin nating phraseology, ha?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. So, Section... Ano ang susunod, Field Operating Units?

MR. APARRI. Oo, ganoon din.

MR. LEYNES. Ganoon na rin? Ha? Meron ka pa bang ibang section na gustong idagdag dito? Ano ba ang iyong inilagay dito sa National Disaster Preparedness?

MS. OLAÑO. Oo, meron kasi silang mga Disaster... What's this?

MR. APARRI. Provincial Disaster Offices.

MS. OLAÑO. Oo, iyong mga...

MR. APARRI. May regional, may provincial.

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Ba, may organizational pala ang kuwan-- May mga regional, regional pa itong sa Senate.

Tingnan ninyo iyong Section 47 ha, sa Organization. "The National... shall prescribe the national structure and..."

National level-- Meron pang national level, meron pang regional level, provincial level, city level, barangay level. Malaki ang community development.

MS. OLAÑO. May disaster control groups pa kasi iyong mga ano eh, dito sa Bureau of Civil Defense.

MR. LEYNES. Ang structure ng Senate version is up to the barangay level eh. Ano, ia-adopt ba ninyo 'yan?

Ang sa House, ano ba ang... Samantalang iyong organization natin sa Fire hindi naman ganyan kalaki.

MS. OLAÑO. May agreement tayo hanggang municipal ah. Pero 'pag ito, disaster preparedness, kailangan talaga hanggang... lalo na, tapos community relations, dapat hanggang barangay level talaga iyan.

MR. LEYNES. Meron ka bang sample ng Organization kung paano ninyo winording? Ano ang wording ninyo sa Organization? Tingnan lang natin. Doon sa ating draft, sa working draft, ano ba ang example ninyo ng Organization sa Bureau, papaano ninyo tinreat iyon? Ano ang phraseology ninyo doon?

MR. ALEJANDRINO.. Siguro iyang sa Bureaus eh...

MR. LEYNES. Hindi, meron na kayong ready ah. Meron ba kayong ready?

MS. OLAÑO. Ito lang.

MR. LEYNES. Hindi, hindi ito. Iyong Organization. What is... What do you have in mind as Organization dito sa Fire Bureau, for example?

MS. OLAÑO. Fire?

MR. LEYNES. Oo, ano ang inilagay ninyo?

MS. OLAÑO. Wala namang...

Sarmiento

3-22-90

11:19 a.m.

5

MR. APARRI. Eto, Section 43.

MR. LEYNES. Ilan?

MS. OLAÑO. Sandali ha.

MR. APARRI. Fire down to municipal lang.

MR. LEYNES. Anong page iyan sa draft ninyo?

MR. ALEJANDRINO. Page 20.

MR. LEYNES. Binago yata ninyo itong draft n'yong ibinigay sa akin eh.

Ano'ng wording n'yo? Patingin nga.

MS. OLAÑO. "The head of the Fire Bureau shall be the Director-General who shall be assisted..."

MR. LEYNES. The head of the Fire Bureau shall be the Director-General ... shall be headed by the..."

Kasi may existing eh. Hindi natin gagalawin ang existing eh. Parang ito eh kung ano ang setup nila, ita-transfer lang natin ang setup nila. Aalisin natin sa DLG, aalisin natin sa DND.

MS. OLAÑO. Oo, pero kailangan we ano...

MR. LEYNES. Oo, pero we will preserve their present structures para huwag ma... hindi nahihiapan.

at least

MS. OLAÑO. Pero mahirap din. Kailangan/ medyo uniform na sila.

MR. LEYNES. Kaya nga, i-inform. Eh dito parang kuwan eh. Di ba iyong ating unang Composition is ... Officers and employees of existing offices?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. ... are hereby converted into community relations, di ba? So, ang ibig sabihin noong retain natin iyong structures nila. Kung meron sila up to now to the regional level, iyon dapat ilalagay dito sa Organization.

So itong sa Senate version, ito'y kuwan eh. "The National Administrator shall prescribe the national

Sarmiento

3-22-90

11:19 a.m.

6

organization structure in manning subject to the national level..."

MR. APARRI. I suggest we adopt the Senate version... talk of those disasters down to the...

MR. LEYNES. O, puwede nating i-kuwan ito. Kasi may transition period naman to implement this eh.

MS. OLAÑO. Sa Civil Defense kasi may disaster prevention councils pa sila up to the municipal level.

MR. LEYNES. Hindi, meron ng organization. Parang Section 47 of the Senate is the Organizational Structure eh. Iyon ang Section 47 eh, sa Organization eh. Meron palang example ang Senate eh. Sa Organization, we will not automatically use the same organization setup ng Jail and Fire kasi merong sample ang Senate eh.

MR. APARRI. We adopt the Senate version.

MR. LEYNES. Adopt partly Section 47 of Senate version, ha? Tapos idagdag natin iyong...

MR. APARRI. Integrate iyong kuwan... the Civil Defense.

MR. LEYNES. Ano ba iyong inyong sinasabi sa disasters dito? Wala naman siyang Organization dito eh.

MS. OLAÑO. Dito kasi, ito based doon sa draft ng Office of Civil Defense. Meron pa silang mga Disaster Prevention Councils - regional, municipal, tapos, iyon nga, may Local Disaster Prevention Councils pa sila.

MR. LEYNES. Di iha-harmonize na lamang. Iha-harmonize iyong present existing kuwan.

Hindi, Iha, dito sa Section 47. Adopt partly Section 47 of the Senate version.

MS. OLAÑO. O, meron pang, "At the barangay level there shall be constituted a Barangay Disaster Prevention Council." Ito iyong buong bill. on Civil Defense.

MR. LEYNES. And adopt partly Section 47... /trs

34

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 3 March 22, 1990 11:29 a.m. 1

MR. LEYNES

... Adopt partly Section 47 of the Senate version.

MS. OLAÑO. Mayroon pang "at the barangay level there shall be constituted a barangay disaster prevention funds." Ito yung buong bill on Civil Defense.

MR. LEYNES. And adopt partly Section 47, basta yun ang kuwan and add -- ano ang ia-add natin dito? Saan mo kukunin part of the organization?

MS. OLAÑO. Suggested draft na lang.

MR. LEYNES. O sigue, under suggested draft na lang.

MS. OLAÑO. Under Bureau of Civil Defense.

MR. LEYNES. Under suggested draft under the Bureau of Civil Defense (House Bill). Okay. So, tapos na tayo doon sa organization. Papasok tayo ngayon before Field Operating Units, ilagay muna natin yung ilalagay niyong disaster.

MS. OLAÑO. Disaster Prevention...

MR. LEYNES. Oo, kasi ito organization ito ng buong kuwan. Tapos na tayo sa Composition, Powers and Functions, Organization of the...

MS. OLAÑO. Kasi mga volunteer groups ito e.

MR. LEYNES. Ngayon, magkakaroon tayo para ng specific provisions sa disaster.

MS. OLAÑO. Oo, that's right.

MR. LEYNES. Sa Community wala na tayong ilalagay?

MR. ALEJANDRINO. Yung nandito sa Senate?

35

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 3 March 22, 1990 11:29 a.m. 2

MR. LEYNES. Wala, wala sa Senate. Hindi, nasa Functions yun e.

MR. APARRI. Ang organization ng CR is similar to the Civil Defense, down to the barangay level yun. Actually, you can integrate both.

MS. OLAÑO. Alam mo may nakalagay pa nga dito na declaration of state of calamity.

MR. APARRI. Sa specific na lang siguro...

MS. OLAÑO. "A state of calamity may be declared." Kasi actually...

MR. LEYNES. Hindi, puwede nating ilagay ito. Ito ba ang gusto mo lang ma-retain, ito at saka itong mga ito? (pointing to the section of the draft).

So, di tapos na tayo rito. Composition, Powers and Functions, imi-mix nga natin sa Powers and Functions itong function yung Community. Tapos na tayo rito. Dito na lang tayo sa draft mong ito. Wala ka bang nami-miss dito sa gitnang ito na you want to be incorporated? Wala?

MS. OLAÑO. Ito nga, mga local prevention councils. Actually, hindi ko na masyadong tinouch yan e. Pero I also mentioned it.

MR. LEYNES. Here?

MS. OLAÑO. Oo,

MR. LEYNES. So, Organization yan, you are talking of organization. Kaya nga e, nandoon naman sa composition e, sa organization e. I-adopt yung Section 47 plus yan one.

MS. OLAÑO. O sigue.

MR. LEYNES. So, ano pa ang susunod nating

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 3 March 22, 1990 11:29 a.m. 3

section ang kuwan. Ano itong "National Disasters Preparedness and Civil Defense Plan, ilagay natin yan?

MS. OLAÑO. Sigue.

MR. LEYNES. Di section kuwan, ito nama'y kuwan e...

MR. APARRI. General provisions siguro yan.

MR. LEYNES. Hindi naman ito natin - maski ito'y interest lang doon sa isang disasters...

MS. OLAÑO. Pertinent.

MR. LEYNES. Oo, pertinent naman.

MS. OLAÑO. Tapos dito nga sa original draft ko mayroon palang nakalagay "declaration of state of calamity" siguro dapat diyan na rin ilagay considering that this is the department concerned.

MR. LEYNES. So, Section ____.

MS. OLAÑO. Hindi pero this pertains also to this bureau.

Kaya nga,

MR. ALEJANDRINO. / General provision on this do bureau, kasi when/they announced the calamity?

MR. LEYNES. National disasters preparedness. Ito ba'y encompassing na lahat doon sa kuwan?

MS. OLAÑO. More or less, oo...

MR. LEYNES. O, sigue, ilagay natin, National Disaster Preparedness and Civil Defense Plan, para matakot ang military nito. Mayroon nang civil defense plan.

MR. APARRI. Kinuha lang sa kanila yan,

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 3 March 22, 1990 11:29 a.m. 4

Hindi ba kinuha lang sa kanila yan.

MR. LEYNES. Mayroon tayong national preparedness, ito ang pag-bubutihan para i-defense ang civilian rights.

MS. OLAÑO. Oo nga pala ano.

MR. LEYNES. O ayos na yan ha?

MS. OLAÑO. Tapos na, ito naman. I also...

MR. LEYNES. Ba't nahuli ang definition of terms?

MR. APARRI. Dapat doon sa una yan.

MS. OLAÑO. Hindi, kasi ano, para isalo lang yun ano. Puwede naman e, yung definition of terms nasa huli as used in this ano. Tapos itong ano, kung saan isisingit kasi, I inserted that dahil may reclamo na usually ang mga volunteers hindi nababayaran.

MR. LEYNES. Ah, magiging iba ang subject niyan.

MS. OLAÑO. O yun na nga, precisely, under the benefits siguro.

MR. LEYNES. Hindi, may bill na separate yan e. Ano ba yan civilian?

MS. OLAÑO. Although, that is under the law. Sabi nga nila mayroon na. In fact, I was given a copy by the Office of Civil Defense.

MR. LEYNES. Saka bureau yan, nag-e-establish tayo ng offices and kuwan.

MS. OLAÑO. Aalisin na natin yan.

MR. LEYNES. Huwag na natin isama ito, hindi ito, foreign yan diyan e. That is already specific relief which is not supposed to be in the

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II -3 March 22, 1990 11:29 a.m. 5

composition of the office.

So, susunod na natin definition of terms.

Civil Defense, siguro maglagay na rin kaya ng community development diyan?

MS. OLAÑO. Huwag na tayo mag-define ng terms.

MR. LEYNES. Oo, mahirap nagdedefine, parang...

MS. OLAÑO. Huwag na lang, as ano na lang yun, as existing laws na lang, di ba? Anyway pag hindi naman marepeal yung ano hindi naman considered repealed.

MR. LEYNES. Kasi yan namang Civil Defense, yan nama'y understandable yan. Disaster - huwag na. Kung may natural disaster plan bakit walang community development plan? National Disaster Preparedness...

MR. APARRI. ...and Civil Defense Plan.

MR. LEYNES. Ilagay natin sa isa.

MR. APARRI. Another section?

MR. LEYNES. Hindi.

MR. APARRI. Another section, Community Relations Development Plan? Kung mayroon ka sa one side di magkaroon ka sa other side, kasi Civil Defense lang yan.

MR. LEYNES. In fact, mauna dapat yun. Kasi yun ang unang pangalan.

MR. APARRI. So kuwan, lagayán lang sa special section sa ibabaw.

MR. LEYNES. Community Development Plan. Ano ba yung title ng ating bureau?



COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 3 March 22, 1990 11:29 a.m. 6

MR. ALEJANDRINO. Community Relations

MS. OLAÑO. Community Relations... Ang development kasi parang hindi ano sa department.

MR. LEYNES. Bakit imbis na...

MS. OLAÑO. Hindi kasi nga, parang hindi relevant.

MR. ALEJANDRINO. Ang development?

MS. OLAÑO. Oo yun sa ano ng department kasi ang functions more on public order and safety kaya parang naging sa Relations pa.

MR. APARRI. E di palitan na itong community development.

MR. ALEJANDRINO. Civil Relations Service naman ang function niyan.

MR. LEYNES. So, next section, Section 3. - Section 4, yun nga, ating National Disaster Preparedness.

MR. ALEJANDRINO. Hindi kahi na wala na yung Community.

MR. LEYNES. And Civil Defense Plan. Okay? Tapos sa Section 5. Field Operating Units. Yun ba?

MR. APARRI. Can you pull the counsels as operating units?

MS. OLAÑO. Yung local ano na, Local Disaster Prevention Councils..

MR. LEYNES. Hindi ba nakasama na yan sa Organization? Ano ba yung field operating units?

MS. OLAÑO. Yun nga ang sinasabi ko, actually, puwede na yun sa Organization.

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 3 March 22, 1990 11:29 a.m. 7

MR. ALEJANDRINO. Field Operating Units ire-refer na sa mga regional offices yan.

MS. OLAÑO. Oo, puwede na yan sa Organization kasi isama.

MR. LEYNES. Ano yung Establishment of Municipal and City Jail, Establishment of Fire Station? Establishment of Municipal City. E tayo naman doon sa organization nilagay na rin natin yung organization natin, hindi ba?

MS. OLAÑO. Yes.

MR. LEYNES. Hindi, na tayo maglalagay yung Field Operating Units at saka Establishment of Provincial Municipal, hindi na?

MS. OLAÑO. Hindi na.

MR. LEYNES. E yung Qualification Standards?

MR. ALEJANDRINO. Kailangan pa rin yun.

MS. OLAÑO. Kailangan kasi sa disasters kailangan.

MR. ALEJANDRINO. Hindi, saka kailangan mo sa Civil Service yun e.

MR. LEYNES. So, maglalagay tayo ng -- isusunod na natin ang Section 5. Qualifications and Standards na?

MR. ALEJANDRINO. Ah, wala na yun, Field Operating units sa Councils.

MS. OLAÑO. Kasama na yun sa Organization.

MR. LEYNES. At saka Establishment of Provincials kung ganoon wala na. So, Qualification Standards.

I-explain ko sa iyo kung ano ang nayari namin. (referring to Ms. Parker). Earlier / ^{well} ang suggestion ./jps

4

MR. LEYNES. Well, ang suggestion niya is make an outline.

Before we go into the mechanics of following the instructions of the mother committee to draft a ... parang draft of a bill based on the-- working draft-- based on the... what has been agreed upon by the three subcommittees, ang ginawa namin before we approached that, sabi ni Congressman Gutang, gumawa muna kami ng outline. So, ang ginawa naming outline ganito. Ang general outline muna natin, gumawa kami ng general outline. Instead na gamitin natin ang "Articles," we will use Chapters and Sections ano ha.

Ang Chapter I, ang sinabi namin, Creation and Organization of the Department. Iyan ha. Creation and Organization of the Department.

The National Police Commission. Chapter II.

Chapter III. The Philippine National Police.

Chapter IV. The National Fire Protection Bureau.

Chapter V. The Jail Management and Penology Bureau.

Chapter VI. Community Relations and Disasters Management Bureau.

Chapter VII. Public Safety and Education Bureau.

Chapter VIII. Common Provisions.

Chapter IX. Transitory Provisions.

Chapter X. Final Provisions.

So, iyon ang aming ginawa.

So, we went into the detail, outline. So what we did, is we started from the easiest one - Introductory Provisions.

Title. Section 1.

Section 2. Declaration of Policy.

Section 3. Promulgation by the President. Etc.

Chapter I. Creation and Organization of the Department. So we use Chapter IV.

Section 4. Creation of the Department of Public Order and Safety.

Section 5. The Powers and Functions of the Department.

Section 6. Organization of the Department.

Section 7. Department Proper.

Section 8. Head of the Department and Qualifications.

Section 9. General Powers, Terms of Office and Compensation of the Secretary.

Section 10. Specific Powers of the Secretary.

Section 11. Regional, Provincial, Municipal and City Offices. Okay.

So, Chapter II. The National Police Commission.

Nag-umpisa tayo sa Creation and Composition of the NAPOLCOM. Section 12.

Section 13. Powers and Functions of the Commission.

Section 14. Qualifications of the Commissioners.

Section 15. Term of Office.

Section 16. Temporary or Permanent Incapacity of the Chairman. Kung anuman, kung kasama man iyong Commissioners.

Section 17. Removal from Office.

Section 18. Prohibitions.

Section 19. Organizational Structures of the Commission.

Section 20. Regional Offices.

Section 21. Qualifications of Regional Directors. Okay.

So, this is a... parang... What has been outlined here are both in the Senate and the House. Kung wala man

sa Senate, nasa House, at wala namang conflict.

So, iyon ang pinaka-easiest way.

Iyong Chapter III...

MS. PARKER. Excuse me. Iyong Powers and Functions of the Chairman is under...

MR. LEYNES. Powers and Functions of the Commission. Walang specific powers ang Chairman.

Ano ba ang inilagay natin? Wala ba diyang the same powers?

MS. OLAÑO. Andiyan ba?

MS. PARKER. Oo.

MR. LEYNES. Di ilagay natin. Kasi wala iyan kanina eh.

MS. PARKER. Isulat na lang natin.

MR. LEYNES. Oo. Hindi, pero ito na muna ang ating kuwan. Meron na tayong isa kanina eh. Ito na lang ang dagdagan natin na wala diyan. Ano'ng wala rito na ...

MS. PARKER. Powers and functions.

MR. LEYNES. Saan natin ilalagay iyon? Siguro...

MS. PARKER. After "Prohibition."

MR. LEYNES. After "Prohibition." Okay. So, Section 19 iyon.

Ano iyong tawag doon?

MS. PARKER. Powers and functions of the Chairman.

MS. APOLONIO. Hindi siguro after the "Prohibition"?

MS. PARKER. Saan?

MS. APOLONIO. Dito siguro iyan...

MS. OLAÑO. After the "term of office."

MS. APOLONIO. Oo, sa term of office.

MR. LEYNES. O, dito na nga, after kuwan. So iyon ang magiging 16 - Powers and Functions of the Chairman.

Ano?

MS. PARKER. 17.

44

MR. LEYNES. 17. Renumbered na lang natin ito. Okay? Wala ng isisingit? So, sapagkat pinakamahirap iyong Philippine National Police, iniwan muna namin iyon. Nagpunta naman kami sa kuwan, sa pinakahuli kanina. Ang sinunod namin Transitory Provisions. Naggawa kami ng special committee. Ilagay natin Section 1 iyon.

MS. OLAÑO. Oo, Section muna.

MR. LEYNES. Wala muna kasi. Hindi pa natin alam eh, one muna. Special Committee.

Section 2. Basis of Implementation. Iyan eh parehong meron iyan ng... Ang Senate at saka ang House pareho, pareho n'yan.

Section 3. Assumption. By PNP or Department ang gagamitin natin o police function. Hindi pa namin alam kung Department o PNP ang gagamitin natin, so iniwan na muna nating parang blangko.

Section 4 is Transfer Merger or Absorption of Offices and Personnel. Iyan ang tingin namin na kailangan sa Transitory Provisions.

So ang sunod na outline is Final Provisions.

MS. PARKER. Iyong status ng present NAPOLCOM and PC-INP, di ba, sabi natin ilalagay natin iyon sa Transitory Provisions. Aalisin na natin iyon sa PNP kasi sa Transitory any capacity...

MR. LEYNES. Sige, tama rin iyon. Aalisin na doon sa PNP iyon.

MS. PARKER. Oo.

MR. LEYNES. Dito na natin ilalagay sa Transitory Provisions?

MS. PARKER. Oo.

MR. LEYNES. Iyong absorption, ano ba 'yon?

MS. PARKER. Status of...

MS. OLAÑO. Hindi ba covered na 'yon ng assumption

by PNP or whatever?

MR. LEYNES. Depende sa wording iyon.

MS. OLAÑO. Oo nga.

MS. PARKER. Iyong status ng present...

MR. LEYNES. Hindi, ilagay muna natin iyon. Ilagay muna natin iyon bago na lang didisisyunan sa final iyon kung covered iyon ng assumption or police function.

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. Sa Section 5 natin 'yan. Ano ba iyong tawag doon?

MS. PARKER. Status of present NAPOLCOM.

MR. LEYNES. Status of present...

MS. OLAÑO. Ah, iyong abolition?

MS. PARKER. Oo.

MR. LEYNES. ... NAPOLCOM employees?

MS. OLAÑO. Hindi, iyong mismong ano.

MS. PARKER. NAPOLCOM and PC agency mismo.

MR. LEYNES. PC at saka INP?

Transitory Provisions talaga iyon dapat. So ito, meron ito doon sa body ano...

MS. PARKER. Oo.

MR. LEYNES. ... ng NAPOLCOM at saka PNP. So, delete ito...

MS. PARKER. Delete, oo.

MR. LEYNES. Delete from the body.

MS. PARKER. Tingnan natin.

MR. LEYNES. Oo, dito na ilalagay. Lagyan n'yong ng indication na dedeletin na 'yon. Okay. So ayos 'yon. Tama 'yon. Ilagay na sa Transitory Provisions.

Chapter X. Final Provisions. Iyong Final Provisions, ilagay natin doon, funding.

MS. PARKER. Okay 'yan.

MR. LEYNES. Oo, iyong una. Section blank,

Implementation of Rules... Implementing Rules and Regulations. Separability Clause. 1, 2, 3, 4, 5. Separability Clause, Repealing Clause at saka Effectivity. O, so nakatapos na tayo ng lima. Iyan ang outline. Tapos nagbalik naman kami sa pinakamadali, naghanap kami - Chapter IV naman, sa Fire Protection. Iniwan muna namin iyong PNP.

MS. OLAÑO. Saka iyong NAPOLCOM.

MR. LEYNES. Hindi, NAPOLCOM tapos na tayo.

MS. OLAÑO. Ay, tapos na nga pala, 'no, kaya lang merong sinasabi nating controversial.

MR. LEYNES. Iyong Common Provisions...

MS. OLAÑO. Iyong sa Organization pa. Kasi mag-o-overlap nga doon sa Department proper. May sinasabi nga siya tungkol doon eh, sa services.

MR. LEYNES. Okay, di... So, we go to Chapter IV, sa outline - Fire Protection Bureau ang tawag. So we go into Composition - Section 1. Section 2. Powers and Functions. Section 3. Organization. Section 4. Field Operating Units. Section 5. Establishment of Fire Station. Section 6. Qualification Standard.

Sinunod natin ang House version kasi ang Senate version wala n'yan. And the rule is, iyong Bicameral Conference Committee, kung walang conflict ia-adopt iyong one which is...

So, nasaan ba si... Teka, hintayin natin si Daisy.

MS. APOLONIO. Hindi ba sa Section 3 Organization, di ipapasok na natin iyong relationship n'ya with Local Governments? Kasi mayroong ano eh, mayroong...

MR. LEYNES. Sa Organization.

MS. APOLONIO. ... idea, oo, which is coming up now.

MR. LEYNES. Fire protection?

Sarmiento

3-22-90

11:39 a.m.

7

MS. APOLONIO. Oo, sa fire protection, di ba?

MS. OLAÑO. Ah, oo, iyong local...

MR. LEYNES. Oo, sa power ng kuwan...

MS. OLAÑO. Local executives.

MS. APOLONIO. Local government units.

MR. LEYNES. Oo nga, tama iyon. Ino-note lang 'yon.

Ino-note iyon, parang... Hindi ito sa outline eh. Parang contents iyon ng organization. Lagyan n'yo ng parenthesis. Include relationship with local government units. /trs



48

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 4 March 22, 1990

11:49 a.m.

1

MR. LEYNES.

... "include relationship with Local Government Units.

So, sa Chapter 5 naman, Jail and Management Penology. You will notice we used the House version because wala ang Senate version niyan and this script is all right. I think, the Senate will not object to this.

General Management and Penology Bureau, composition din, sumunod uli tayo doon. Powers and Functions, Organization, ito na naman ang sinasabi ko, sa Organization, the relationship with the local government units.

MS. PARKER. And also the responsibility of absorbing the Bureau of Prison.

MR. LEYNES. At saka yun, yung Bureau of Prison..

MS. OLANO. Oo.

MR. LEYNES. Okay yan. Doon ~~na-watchout~~ tayo, so, tapos, Field Operating Units, Establishment of Provincial/Municipal Jail, City Jail, Qualification Standards.

So, yung outline ng dalawang chapter:/okay na kayo, susundin na lang, madali na ito.

So, tapos na tayo 4 and 5. Pumasok tayo sa 6, Community Relations and Disasters Management Bureau. Again partly mayroon na ang Senate nito, yung PACD.

So, ang ginawa namin, ang composition nito, we patterned it with the -- Saan ba natin kinuha ang composition?

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 4 March 22, 1990 11:39 A.M. 2

MS. OLANO. Sa suggested House version^{ng}
Civil Defense.

MR. LEYNES. So, doon natin kinuha yung offices. Meaning to say, offices and employees of the existing community development. Kasi, we are in agreement/^{na} sa present DLG ngayon mayroon community development offices yan, so all offices and employees of the existing community development under the DLG and Office of the Civil Defense under the DND in a composition.

MS. OLAÑO. Pero we are talking of community relations e.

MR. LEYNES. Hindi, yun ay, outline lang natin ito. Ibig sabihin lang, yung sa community sa DLG, yung sa disasters, sa DND yun. Understood na yun, yun ang ibig sabihin noon, yun ang nasa composition.

MS. PARKER. Pero, Atty. Leynes, medyo rinealign namin yung thrust ng community relations. Medyo naiba doon sa concept ng PACD, kasi yung sa PACD is purely community development program, in that they will provide loans para sa mga livelihood projects.

MR. LEYNES. Ah, sa powers and functions yun, sa functions yung sinasabi mo, we are talking first of composition; na kung papaano ba yung composition nitong kuwang ito.

MS. OLAÑO. Oo, kaya lang ang...

MR. LEYNES. Mamaya na natin pagusapan yung powers and functions pag dating doon.

MS. OLAÑO. Hindi, pero may relationship kasi doon sa composition.

50

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 4 March 22, 1990 11:49 a.m. 3

MR. LEYNES. Sa employees?

MS. OLAÑO. Oo.

MS. PARKER. Kasi employees ng existing community development nga, under the DLG. Ito siguro, i-research natin. Ano ba yung mga employees na yan not necessarily all of them.

MR. LEYNES. Kaya nga kailangan specific natin kung hind magkakagulo.

MS. PARKER. Oo, yun nga, siguro i-take note na rin natin.

MR. LEYNES. Take note.

MS. PARKER. Study area.

MR. LEYNES. Study area, na tungkol sa kuwan yan...

MS. OLANO. Sa civil defense puwede, puwede maabsorb pero yun sa...

MR. LEYNES. Ano yung composition sa DLG units, specify mo para i-enumerate natin dito yan, para walang confusion yan, ilalagay yan, kailangan mayroon study kuwan yan, papers, 90% sa Committee. Okay, yan.

So, yun na nga, sa compositon, pinagsama yan, hindi namin pinaghiwalay yan kasi i-isa ang pangalan ng bureau.

Powers and Functions. - Ngayon, ang powers and functions, ang sabi ko, i-integrate natin sa Section 46 ng Senate version which is the community functions at saka yung suggested draft ng House sa Bureau of Civil Defense. Kung ano na lang ang material doon yun na lang ang ilagay.

MS. APOLONIO. Pero yun nga, Attorney, noon

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 4 March 22, 1990 11:49 a.m. 4

rineview ko kasi, talagang malaki ang departure from the PACD concept as provided for sa Senate bill. Kasi, ito, medyo ri-nealign nga na^{tin} in that community relations ang talaga -- in effect, public relations, parang ganoon.

Whereas, doon sa PACD, na nasa Senate bill talagang community development dahil its a duplication of the function of the DLG na yun. So, yun lang ang may diperensiya natin.

MR. LEYNES. Anyway, yun nga, DLG nga na kuwan yun, duplication ng LDG functions. Hindi, di ba sinamahan natin itong DLG functions sa community relations?

MS. OLAÑO. Hindi, hindi nga e.

MR. LEYNES. Aalisin natin yung function ng DLG sa community relations. Ilalagay natin dito sa bureau na ito under the Department of Public Order. Aalisin na nga natin yun e. Yung function ng DLG mawawala na sa kanila yun, pupunta...



MS. APOLONIO. Aalisin? Naku baka...

MR. LEYNES. Hindi, hindi ba yun ang kuwan, we are creating a bureau of community relations and sa idea natin, gumagawa tayo, atin ito lang, recommendations ito, ang composition niyan, yung whatever community relations na functions ng DLG, aalisin natin yun, ilalagay natin dito.

MS. APOLONIO. Oo.

MR. LEYNES. Yun naman ang intention nila.

MS. APOLONIO. Oo, kasi ang context natin of Community Relations and Disaster Management na dito sa bureau, parang the community are partners in the enforcement. Kasi yung sa five pillars of justice, hindi ba?

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 4 March 22, 1990 11:49 a.m. 5

MR. LEYNES. Oo.

MS. APOLONIO. Yung community yung neglected. so, ipapasok natin yung community in that they're supposed to be parang extention and that they're supposed to share certain functions of the Department, lalo na yung mga briga-brigada, but not really going into community development projects, yung talgang concept.

MR. LEYNES. E di alisin, huwag na natin isama yung community development, security and police function lang kung gusto.

MS. APOLONIO. Oo.

MS. LEYNES. Ilagay lang second grade police functions lang, kung gusto. So, yung sa Section 46 kunin na lamang ninyo yun.

MS. APOLONIO. Pertinent.

MR. LEYNES. Pertinent, oo, wala naman masyadong kuwan yan. Kasi, maghahalo-halo na nga yan kungkasama pa yung development, malaking pera ang aabutin - kuwarta nito.

MR. ALEJANDRINO. Pero actually walang aalisin din sa local government functions...

MS. APOLONIO. Wala.

MR. LEYNES. So, totally different na nga yun?

MS. APOLONIO. Oo, kasi, pag-inalis natin yun sa local government mawawalan sila talaga ng functions. I mean, hindi yata ito property within the function of one.

MR. LEYNES. Pero the idea in/version
is not totally taking...

J3

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 4 March 22, 1990 11:49a.m. 6

ALL Yan na nga.

MS. APOLONIO. Sa Department of Interior kasi ang contest, na down grading yang ano...

MR. LEYNES. Si Senator Maceda hindi naman very keen on retaining everything on PACD, wala siyang special instruction.

MS. APOLONIO. Kailangan talaga may mutual...

MR. LEYNES. Kasi, ang pinagusapan dito, Creation of Community Relations Bureau, di kung ano lang yung community relations, wala na yung development. Kaya nagkaroon ng development. You will have to abide by both decision of the subcommittees. Sabi nila palitan ang PACD gawing community relations. Inalis mo yung development di alisin mo lahat yung tungkol sa development. E that is the decision of the kuwan, so, we will follow. Kung ano yung title ng pangalan wala yung development, pero kung ano lamang yung nandoon sa, kung ano ang maire-retain na puwedeng maretain sa Senate version kunin natin, that's what I'm saying.

MS. OLAÑO. Yung pertinent provisions lang noon.

MR. LEYNES. Babasahin naman ni Senator Maceda yan, e di kung ayaw niya i-suggest niya. ^{as is na} Basta we will just/follow what is the decision of the subcommittee. They have decided to strike the PACD and adopt a community relations, so, we will provide -- ibinigay sa atin kamay kung ano yung ating ilalagay na provision. Ilalagay lang natin yung talagang tama doon sa title. Okay, payag ako diyan.

Ngayon, kung mag-iinsist si Senator Maceda na ilagay yung PACD, di bahala sila magusap tungkol

JU

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II -4 March 22, 1990 11:49 a.m.


7

diyan sa PACD, pero sa akin walang special instruction na i-retain ang PACD. Pero pagaaralan ko rin muna yung lahat na iyan, ipapakita ko sa kanya before the end - before the mother committee. Ipakikita ko sa kanya, sasabihin ko ito lang talaga, ipapaliwanag ko kung bakit naging ganyan, di madali na, one in one lang kayo mag-e-explain. Di alamna rin niya. Sasabihin niya, "hindi, gusto ko ganito", e di sasabihin ko rin sa working staff natin kung ano ang gagawin. Anything na tungkol kay Senator Maceda madali ko nang maipaparating sa kanya. Sa pagdating ng meeting uli, wala nang problema, kasi nakita na niya yung ating draft.

Si Senator Maceda lang naman ang pinaka-principal diyan, kung ano ang kursunada niya, sinabi niya, okay naman, di ba?

MS. APOLONIO. Oo nga, obvious nga.

MR. LEYNES. Ang importante pumayag siya, payag na rin ang ibang Senador, papayag na yun kasi wala namang problema diyan. Ang ilagay nga lang diyan, gusto nilang magtayo ng police..../jps



MR. LEYNES. . . . nilang magtayo ng pulis eh, National Police. Iyan ang pinakaimportante - the National Police, which is civilian in character, tapos. Tapos agreement sila, huwag nang ilagay sa DND 'yan, 'wag nang ilagay sa Office of the President. Iyon lang diyan eh. Huwag nang ilagay sa Office of the President-- gawa tayo ng isang... department. Kaya iyong ibang bagay, iyong mga Department of... iyang mga ganyan, wala 'yan, payag ng payag ang Senate n'yan kung ano iyong nakalagay sa House version. So, tapos na tayo doon. Tama iyong sinabi sa kuwan...

Nasaan ba tayo? Dito tayo sa Organization, dito sa kuwan, sa Composition. Powers and Functions, iyon na nga, kung ano na lang ang puwedeng i-retain sa Senate version which is consistent with the title.

Organization. Adopt partly Section 47 of Senate version, ha, iyon na nga.

So, ano pa ba ang sumunod dito? Sabi namin, itutulad natin, maglalagay pa ba tayo ng Field Operating Units, Establishment of... Hindi na yata siguro.

MS. APOLONIO. Hindi na.

MR. LEYNES. Kasi absorbed na 'yon dito sa mga Organization eh. Hindi na tayo maglalagay ng Field Operating Units saka iyong Establishment of mga Provincial kasi nandito na iyong mga Regional eh.

MS. APOLONIO. Oo. Bale we will make use of the field network na...

MR. LEYNES. Oo. Ngayon, maglalagay pa tayo ng Qualification Standards.

MS. APOLONIO. Oo.

MR. LEYNES. O, so Section 4 ngayon 'yan - Qualification Standards. Okay? Iyon ngayon ang Qualification Standards.

So natapos na natin. Ang tapos na natin: 1, 1 and 2, 4, 5, 6, 9, and 10. O, tapos na tayo doon ha.

O, susunod naman natin ngayon ay Public Safety and Education. Wala ring problema iyon kasi kuwan iyon eh. Nasaan ang inyong version diyan?

Kakain muna.

MR. ALEJANDRINO. Wala, walang versión ang...

MS. PARKER. Walang House version, pero meron tayo doon sa ginawa ng...

MR. LEYNES. Public Safety and Education Bureau. Sino ba ang nag-propose n'yang Public Safety and Education Bureau?

MS. APOLONIO. Subcommittee.

MR. LEYNES. Ano ang sinabi nila?

Hindi, actually ganito 'yan.

MS. APOLONIO. / That's supposed to be the umbrella educational unit, 'no.

MR. ALEJANDRINO. Senate 'yan.

MS. APOLONIO. O, actually Senate.

MR. ALEJANDRINO. ... Public Safety College.

MR. LEYNES. Ah, ito iyong Public Safety College.

MS. PARKER. Hindi, kasi di ba iyong version ng Senate, iyong PPSC, parang it's the PNPA. Tayo inenlarge natin. Iyong Education Bureau naging parang umbrella education center iyon which will include this specific educational institution.

MR. LEYNES. Ayos 'yan, puwede na 'yan. Ilagay natin ngayon sa Section n'ya, 'yan na lang. Pagkatapos n'yan eh Common Provisions. Iyong Common Provisions, kaya namin itinira 'yan, depende iyon dito sa magiging body ng PNP.

MS. PARKER. Sa atin meron tayong General Provisions, tapos Professionalism Welfare Benefits. Ang letter (c) iyong Relationship sa Local Government Officials.

VOICE. Iyong pinaka-outline diyan.

MS. PARKER. Oo, iyong ginawa natin. Disciplinary machinery tapos participation.

MR. LEYNES. Sa Common Provisions. O, puwede 'yan, puwedeng ilagay 'yan, pagsama-samahin na 'yan sa Common Provisions. Kaya nga lang iniwan muna namin iyon kasi medyo mahirap iyon. So doon tayo sa Public Safety and Education. Ano ang inyong proposal na kuwan diyan, habang tayo'y kumakain? Kasi ititira na natin. Kung by 1:00 o'clock matapos na natin iyong iba, ang matitira na lang natin iyong PNP. Doon sa PNP ngayon, ilalagay na nga natin iyong pinag-usapan nila, iyong sa local police, iyong sa salary. Ida-draft na natin. Pero meanwhile, gawin na ng staff iyong ating outline, patakbuhan na, gawin na lang. Doon tayo magtatagal sa PNP eh. Maski na hanggang Sabado tayo doon eh.

(Informal discussion)

So, Public Safety and Education. Ano ang Section 1 natin?

MS. OLAÑO. Ang suggestion nga ni Congressman dito na rin tayo mag...

MR. LEYNES. Gawin natin iyong dating ... Isunod din natin iyong dating mga... Police, Jail. Composition uli tayo.

MR. APARRI. The same pattern na 'yon.

MR. LEYNES. Composition, Powers and Functions, di ba?

MS. OLAÑO. Oo.

MR. LEYNES. O, ano, ano'ng Composition n'yan? There is an outline. (Pause) Composition. Since wala tayong pattern, kailangang mag-note na tayo kung ano ang ilalagay natin sa Composition.

MS. OLAÑO. Kahit simple lang.

(Informal discussion)

MS. PARKER. Powers and functions.

MR. LEYNES. Hindi puwedeng magsimula sa powers and functions.

MS. PARKER. Eh di ano na tayo, Organization.

MR. LEYNES. Either Composition or Organization. O, wala ng Composition. Kasi ang Composition wala namang existing offices 'yan eh.

MS. PARKER. Wala.

MR. LEYNES. Kaya naman nilagyan natin ng Composition may mga existing yata 'yan eh. So, pasok na tayo doon sa Organization. Before Powers and Functions, Organization muna.

Ba't ba nauna nga iyong Powers and Functions kaysa Organization?

MS. OLAÑO. Powers and Functions muna before Organization.

MR. LEYNES. Talaga bang ganoon? Powers and Functions. Kailangang consistent tayo doon sa before na...

Powers and Functions. Ano ang ilalagay n'yo sa Powers and Functions? Saan kayo kukuha ng kuwan?

MS. APOLONIO. Ano, mga educational programs, mga.../trs

(Informal discussion followed.)

54

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II-5 Maarch 22, 1990 12:09 p.m. 1

(Informal Discussion)

MR. LEYNES. So, itong functions, adopt Section 51, partly Senate version. Ang sunod sa Powers and Functions, Organization, Section 2. Ano ang ilalagay natin sa Organization, ito naman, nasa outline.

MS APOLONIO. Bale ang computation niyan 'yong...

MR. LEYNES. Yung mga escuelahan.

MS. APOLONIO. Oo, education...

MR. LEYNES. See outline. Tapos, ano pa ang susunod sa Organization?

MS. APOLONIO. Yung bale bawat schools.

MR. LEYNES. In detail yung functions. Saan ninyo kukunin 'yan?

MS. APOLONIO. See House version.

MR. LEYNES. Mayroon ba kayo sa House version niyan?

MS. APOLONIO. Hindi, yung sa bago, yung sub-committee.

MR. LEYNES. Mayroon kayo. Ano ang magiging pangalan natin niyan, nagkaroon na tayo ng powers and functions, organization, ano ano ang isusunod natin ngayon?

MS. APOLONIO. Dapat 'yan under the PNP, Powers and Functions of the PNPA.

(Informal Discussion)

MR. LEYNES. Di gawin natin Composition of PNPA. Ano ang outline natin sa Section 3 para yun ang gusto niya, after organization?

MS. APOLONIO. After Organization dapat yun na nga PNPA...

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA III-5 March 22, 1990 12:09 p.m. 2

MR. LEYNES. Di composition.

MS. OLANO. Composition of the ano.

MR. LEYNES. Ilagay na lang natin Composition, lagyan natin lahat ng escuelahan dito, Composition.

MS. APOLONIO. Oo.

MR. LEYNES. Description of the schools. Your composition, pagkatapos ang idea ninyo yung mga kuwan. Pagkatapos, ano pa ang isusunod natin?

MS. APOLONIO. Pagkatapos may pinasok na Human Rights.

MR. LEYNES. Ano ba ang tawag natin doon? Ah, wala naman sa House version ito? Naghahanap ako ng parang heading natin para sa Section 4. Kasi, tapos na tayo sa Composition. Description of the school, e. Ano ang isusunod nating heading diyan?

(Informal Discussion)

MR. LEYNES. Basta ang idea niyan, pagdating dito sa Technical Education, ilagay lahat ng provisions ng Senado na nandito rin, total sila ang mayroon.... Katulad din sa Organization, yun ang idea natin, we always try to conserve anything which is in the Senate, as long as kuwan...ihaharmonize natin. So, kailangan mayroon na riyan, kailangang....(unintelligible).

Add, "All provisions in the Senate version which is consistent." Di Composition na, tapos kung ano na lang kuwan. Kasi, ang mahalaga diyan Organization at saka Composition.

MS. APOLONIO. Ito talaga ginawa nating umbrella, educational...

61

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II-5

March 22, 1990

12:09 p.m.

3

MR. LEYNES. Basta, one on transition period. Doon sa transition period natin tingnan. Kasi, yun ang itra-transfer na kuwan. I think, lahat ng provision sa Senate tungkol sa transition and qualifications.

So, pagkatapos noon, sa General Outline natin, kabila na.

(Informal Discussion)

.../jps



Sarmiento

3-22-90

12:19 p.m.

1

(Pause)

MR. LEYNES. Ba't pa lalagyan natin ng...

MS. APOLONIO. Unless masyadong mahaba.

MS. PARKER. Mahaba dahil provisions.

MR. LEYNES. Ba't merong mga General Provisions?

MS. PARKER. Ang mahirap dito kasi common for the five bureaus eh. General Provisions...

MS. OLAÑO. Iyong common provisions.

MS. PARKER. Applicable 'yan sa lahat ng...

MR. LEYNES. Hindi, huwag na nating lagyan ng title na ganoon. Diretso na tayo.

MS. PARKER. Magulo 'yan.

MR. LEYNES. Ah, magulo, magulo ba?

MS. PARKER. Kasi may ano pa 'yan, disciplinary eh.

MR. LEYNES. So ano'ng... Papaano nating... tama 'yan, okay 'yan, puwede nating i-adopt lahat 'yan. No problem 'yan.

MS. PARKER. Ito iyong sa Senate na merong...

MR. LEYNES. Wala namang kuwan 'yan eh, walang problema kami diyan eh, iyang mga ganyan, wala, walang kuwan 'yan, iyong disciplinary...

So, ang sinasabi ko lang, papaano natin io-outline 'yan. Sa lahat ng chapter, ito lang ang magkakaroon ng division na ganyan. How shall we put it? Letter (a) ba?

MS. OLAÑO. Oo, letter (a).

MR. LEYNES. Letter (a) or article or what?

MS. OLAÑO. Letter (a) na lang.

MR. LEYNES. Tama ba 'yang form na 'yan? Iyong may chapter, hindi ba article 'yan?

MS. OLAÑO. Hindi.

MR. LEYNES. O, sige, okay. So, adopt the working draft. Itong kuwang ito, iyong tinanggal-tanggal lang ito

doon sa mga kuwan eh, sinama mo lang sa Common Provisions eh. Some of these are in the PNP, some of them are in the Transitory Provisions. Nailagay iyan sa Common Provisions. Basta see to it lang meron kaming... Ngayon, okay na sa akin iyon.

Ngayon, ito, dito sa Fire Protection, paulit-ulit itong Field Operating Units. Puwede rin siguro nating...

MS. OLAÑO. Puwede ring ilagay doon sa Organization ng Department.

MR. LEYNES. Puwede rin sigurong ilagay natin sa Common Provisions para...

MS. OLAÑO. Puwede rin sa Organization ng Department.

MR. LEYNES. So, ano, ganito na ito, hindi natin gagalawin ito.

Are you saying these are common... these are provisions common to professionalism... to applies to PNP?

MS. OLAÑO. Iyon na nga eh.

MR. LEYNES. O doon sa school lang, sa kuwan lang, sa Bureau of... Di ba ito sa Public Safety and Education Bureau lang ito?

MS. PARKER. Ay hindi. Performance ratings, promotions, applicable...

MR. LEYNES. Applicable. Meron na ba tayong law na ganyan? Do we already have an existing law na ganito ang pagkakagawa ng Common Provisions?

MS. PARKER. Oo, meron.

MR. LEYNES. Saan? Saan n'yo pinattern ito?

MS. APOLONIO. Actually iyong ano eh.. iyong sa INP.

MR. LEYNES. At saka iyong disciplinary... Ha?

MS. APOLONIO. Sa INP-- PC-INP.

MR. LEYNES. Ay ano?

MS. APOLONIO. Ganyan, ganyan ang pagkaka-ano nila.

MR. LEYNES. PC-INP.

MS. APOLONIO. Oo.

MR. LEYNES. Ano iyon, decree iyon ah. Ganyan ba ang pagkakagawa?

MS. APOLONIO. Ganyang-ganyan ho.

MR. LEYNES. Itong disciplinary machinery, a-apply ito sa lahat, pati na, lahat ng bureaus?

MS. PARKER. Iyong ano, tatlong ano - Fire...

MS. OLAÑO. Hindi, kaya lang inilagay naman natin iyan diyan dahil akala natin it will apply to all-- iyong lahat ng bureaus will fall under NAPOLCOM.

MS. PARKER. Pero paano natin ito aanuhin ngayon?

MS. OLAÑO. Iyon na nga eh.

MS. APOLONIO. Kasi ito uniformed ano ito eh, uniformed personnel.

MS. OLAÑO. Ilalagay natin under the Police kung particular sa Police lang 'yon.

MS. APOLONIO. Kasi iba ang...

MS. OLAÑO. Iba ang ano eh

MS. APOLONIO. Actually kung tutuusin PNP lang talaga ito eh.

MS. OLAÑO. Kaya hihimay-himayin pa natin iyan eh. Kasi kanina nga nang nagdi-discuss kami nakita ko nga hindi actually common eh.

MS. PARKER. So, talagang babaguhin na natin.

MS. OLAÑO. Oo, iyong portion na 'yan.

MS. PARKER. ... after ng PNP. Pero iyong lateral entry of officers...

MS. APOLONIO. I-sort out natin.

MR. LEYNES. So mawawala iyong division ng mga ideas na 'yan.

MS. PARKER. Oo, mawawala na 'yon. Ihiiwalay na natin iyong sa local executive.

MR. LEYNES. Linawin natin itong in-approve nating outline na ito. Hindi na rin magagalaw ito kasi sa PNP lang naman 'yan. So, we start dissecting that kung saan pupunta 'yan.

MS. OLAÑO. Sandali, kakain muna para matapos na.

(Informal discussion)



6
COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 6

March 22, 1990

12:29 p.m. 1

(Informal Discussion)



(Informal discussion)

REP. GUTANG. Okay, fire.

MR. LEYNES. Dalawang chapter na lang ang hindi namin nate-take-up, Congressman.

REP. GUTANG. Ano 'yan?

MR. LEYNES. Common Provisions saka iyong PNP.

REP. GUTANG. Ah, PNP.

MR. LEYNES. Iyong PNP eh panghuli iyon kasi nandoon iyong results ng kuwan, subcommittee kuwan eh. So... ngayon nandoon kami sa Common Provisions. Ang proposal, marami masyado itong Common Provisions. Pero in reality hindi naman lahat talaga itong provisions common to all bureaus.

MS. PARKER. Eliminate...

MR. LEYNES. So, if that is the kuwan, hindi talaga common, so hindi talaga natin ilalagay sa Common Provisions. Ibabalik uli natin sa kanya-kanya 'to. From jail to ano. Pero dissect-in natin. Iyong grades distribution... ito common. Ito'y sa PNP lang. Titingnan lang natin kung makakagawa pa tayo ng Chapter ng Common Provisions. We will discuss here kung alin ang ire-retain natin na Common Provision - isa-isahin nga natin - grades and grades distribution - PNP lang 'yan. Ah, PNP hindi puwede. Key positions, PNP. General qualifications for appointment - ito, siguro. General qualifications for appointment.

MR. ALEJANDRINO. Iba 'yan. Iba-iba 'yan. Iba ang Fire eh.

Appointments for PNP Officers.

MS. APOLONIO. Iba rin 'yan.

MR. LEYNES. Lateral Entry of Officers into the PNP, Fire and Jail... Ito puwede ito sa... Pero hindi ito

Sarmiento

3-22-90

12:39 p.m.

2

puwede rin sa mga kuwan eh, sa mga... qualifications eh.

MS. APOLONIO. Oho. Sir, kanya-kanya na natin bawat bureau.

MR. LEYNES. So hiwa-hiwalay 'yan.

Itong Professionalism, Education and Training?

MS. APOLONIO. Iyan puwedeng common 'yan.

MR. LEYNES. Common 'yan. Performance Rating System, common 'yan. Promotions, common. Incentives and Awards.

MS. APOLONIO. Hindi eh, magkakaiba 'yan.

MR. ALEJANDRINO. PNP may level 'yan.

MR. LEYNES. Incentive and award?

MS. APOLONIO. Sir, ano 'yan, iibahin?

MR. LEYNES. Health and Welfare. Iyan, common 'yan. Longevity Pay and Medical Allowance - PNP lang 'yan. Complaints and Grievances.

MR. APARRI. Common 'yan.

MR. LEYNES. So iyong letter (c) ang ilalagay natin sa kuwan.

MS. APOLONIO. Iyong incentives and awards puwedeng common eh.

MR. LEYNES. Ha?

MS. APOLONIO. Kasi very ... "There shall be established an incentive and award system which shall be..."

REP. GUTANG. Siguro, kung ganoong kakaunti na lang, ihiwalay na lang natin. Kasi kung bumbero ka, titingnan mo iyong provision, doon ka maghanap sa pulis. Tingnan mo iyong Common Provisions ng pulis, nandoon ka, eh di hindi yata maganda, di ba?

MS. APOLONIO. Kaya nga, Sir, iyon lang talagang mag-a-apply sa lahat iyon ang ilalagay natin sa Common Provisions. Otherwise...

Sarmiento

3-22-90

12:39 p.m.

.3

2 REP. GUTANG. Hindi, kung Common Provisions doon mo ilagay sa PNP, doon mo ilalagay sa Department.

MS. APOLONIO. Sir, hindi. Sir, sa bill... Meron tayong chapter on Common Provisions.

REP. GUTANG. I know.

MS. APOLONIO. Oho. Sir, puwede nating ilagay sa bill.

REP. GUTANG. Kung common to all the three, di ilalagay mo rin 'yan sa common doon sa ano, sa Jail.

MR. LEYNES. Hindi na ang title common.

REP. GUTANG. Kaya kung Jail ako, bakit magahanap ako ng provision ko doon sa PNP bill.

MR. LEYNES. Ilalagay din natin bawat isa 'yan. Ilalagay natin bawat isa.

REP. GUTANG. So wala ng Common Provision.

MS. APOLONIO. Eh di wala na tayong Common Provisions.

REP. GUTANG. Wala ng Chapter. Kung PNP Chapter ka nandoon na 'yong condition na 'yan.

MR. LEYNES. Imposibleng magkaroon ng Common kasi maraming bureaus.

REP. GUTANG. Magiging specific na 'yan. Maski na halimbawa, iyong medical ano, common sa pulis, sa PNP at saka sa ano, Jail, eh saan mo ilalagay? Kung common sa tatlo, di isa lang ang lalagyan mo, puwede mo ng ilagay sa Jail. Tapos sabihin mo ngayon sa pulis, "Iyong common mo..."

MS. APOLONIO. Tapos ire-repeat natin, Sir, sa pulis?

MR. LEYNES. Hiwalay na.

MS. APOLONIO. For instance...

REP. GUTANG. Wala ng common. No longer common 'yan. That applies only to the police.

Sarmiento

3-22-90

12:39 p.m.

4

MS. APOLONIO. Sir, for instance, 'no kung titingnan natin iyong House version, iyong Incentives and Awards, kasi very generally worded. "There shall be established an incentive and awards system which shall be administered by a board under such rules, regulations and standards as may be promulgated by..." In the case of that, "Commission". Tapos, "Provided, That equivalent awards shall be given by the PNP for every award duly given by reputable civic organizations..."'

Pero puwede natin itong ire-word in such a way na magiging Common Provision ito. Kasi kung...

REP. GUTANG. Agreed ako diyan, pero hindi dito sa Philippine National Police.

MS. APOLONIO. Hindi nga, Sir. Gagawin nga natin sa Common Provisions.

REP. GUTANG. Eh PNP bill itong pinag-uusapan natin eh.

MS. PARKER. Department.

REP. GUTANG. Hindi ba?

MR. LEYNES. Department.

REP. GUTANG. Ah Department ito. O, sige. Common Provisions.

MR. LEYNES. So, ituloy natin iyong Common... So itong... So itong Incentive and Awards common iyan.

Optional Retirement.

MS. APOLONIO. Hindi, iyong sa PNP iba ang ano natin...

REP. GUTANG. Ang PNP... puro Civil Service na 'yan.

MS. APOLONIO. Unless Civil Service... Optional Retirement is 20.

MR. LEYNES. Nasa Civil Service 'yan, ba't uulitin pa natin 'yan?

MR. ALEJANDRINO. Civil Service ang mag-a-upgrade niyan.

MS. PARKER. Oo.

MR. LEYNES. Sa PNP lang 'to eh.

Optional Retirement - nasa Civil Service rule na 'yan.

Retirement at the option of NAPOLCOM.

MS. APOLONIO. O 'yan, PNP.

MR. LEYNES.

/Compulsory Retirement. Nandito sa PNP 'yan.

Permanent Physical Disability. PNP rin 'yan.

Retirement to the Next Higher Grade.

REP. GUTANG. Puwedeng Fire iyon.

MR. LEYNES. Pero hindi common 'yon.

Retirement in the Next Higher Grade.

Retirement Benefit.

Active Service.

Death and Disability Benefits. Hindi rin common 'yon.

Exemption from Attachment and Taxes. 'Yan, siguro.

MS. APOLONIO. 'Yan, common 'yan.

MR. LEYNES. Ano ba iyong Exemption from Attachment and Taxes?

MR. APARRI. The retirement.

MR. LEYNES. Ah, puwede 'yan, common 'yan.

Members of the PNP Fire and Jail Missing in Action.

REP. GUTANG. Normally, PNP.

MR. LEYNES. Hindi common in the sense na sa Fire lang at saka sa ano 'yan, PNP.

Payment of Portion of Salary and Allowances.

REP. GUTANG. PNP rin 'yan.

MR. LEYNES. Finding of Death and the Termination of Payment of Salary and Allowances.

Disciplinary Machinery. "Disciplinary Powers of Supervisors and Equivalent Officers."

Finality of Disciplinary Action.

People's Law Enforcement Board. Iyan, saan iyan?

Disciplinary Appellate Board. PNP 'yan - jurisdiction of criminal cases.

Preventive Suspension.

Entitlement to Reinstatement.

PARTICIPATION OF LOCAL EXECUTIVES IN THE ADMINISTRATION OF THE PNP.

Powers of Local Government Officials Over the PNP.

Kuwan, PNP lang 'to.

Termination of Operation, Supervision...

TRANSITORY. Wala na.

So, ilan lang iyong common? So, iyong common, iyon lang ang nakalagay. So, pasok ngayon tayo sa kuwan.

MS. PARKER. PNP.

MR. LEYNES. PNP na lang. Ang kukunin muna natin before natin guluhin iyong provisions sa PNP, kukunin muna natin iyong kuwan, what has been agreed upon.

REP. GUTANG. O, iyong Committee I.

MR. LEYNES. Committee I.

Meanwhile, mag-assign ka na kung sino ang gagawa na noong pinag-usapan nating... katatapos lang natin, so that that can be started now. Paupuin na lang doon, para umpsahan na.

REP. GUTANG. Pero iyong PNP, Atty. ano ha, maybe kasi you can immediately base it on the House version/ by chapter-chapter na tayo rito. Isingit na lang natin iyong ano.

MS. APOLONIO. Iyong mga iba.

Sarmiento

3-22-90

12:39 p.m.

7

REP. GUTANG. Iyong mga change kamukha noong Operatin, Control and Supervision, ano? O, line by line na 'yan.

MS. PARKER. Iyan na 'yan, di ba?

MS. OLAÑO. Oo, ito na, iyong draft.

MR. LEYNES. ... Police Commission... iba PNP na lang.

REP. GUTANG.. Bilib ako sa inyo. Umalis lang ako eh... Kasi dalawa lang sila, walang nanggugulo eh.

Direct copying na lang 'yan, di ba?

MS. OLAÑO. Oo.

REP. GUTANG. Meron na bang gagawa while we are doing this?

Hindi, anuhin natin iyong powers. /trs



COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - March 22, 1990 12:49 p.m. 1

REP GUTANG.

... Hindi, i-ano natin yung powers talaga. Saan na yung powers of local officials, doon natin maaano. Kasi, doon sa atin, Operational Supervision and Control. Wala yung "control" ano? Noon umpsa mayroon tayo noon, inalis sa Second Reading.

MR. LEYNES. So, section by section tayo.

REP. GUTANG. Oo, yun na.

MS. APOLONIO. Page 11.

REP. GUTANG. And then ia-alis natin yun fire service at saka yung jail. Ito Chapter 5, page 43 ng House version.

MR. LEYNES. Siguro sa PNP, magsimula sa section by section.

REP. GUTANG. Section by section na.

MR. LEYNES. Oo.

MS. APOLONIO. Sa page 11.

MR. LEYNES. Page 11.

REP. GUTANG. Oo, sigue.



MR. LEYNES. Nasa outline ho tayo. Outline pa lang naman ito, hindi pa substance. We are not yet on the substance, we are on the outline, so, Chapter ano yun?

MS. APOLONIO. Chapter 3.

MR. LEYNES. Chapter 3, Philippine National Police, Section 1. Itutuloy na natin yung section kanina. So, ang ating outline nasa Section 1. Ano ba yung atin kanina?

MS. APOLONIO. Composition.

MR. LEYNES. Chapter 3. Puwede na tayo mag Section 22. Hindi, naginsert pala kanina.

15
COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

2

SEVILLA II - March 22, 1990 12:49 p.m.

REP. GUTANG. Delicado ang Section 20.

MR. LEYNES. Section 23 na tayo.

REP. GUTANG. Establishment.

MR. LEYNES. Establishment of the Philippine National Police. Ano ba ang Section 21 ng Senate?

(Reading) "Subject to the...". Establishment din. Huwag muna natin galawin yung substance, outline lang, huwag muna natin galawin yung substance. Tignan natin kung magkakaiba, Section 24.

MS. OLAÑO. Ang i-insert natin dito yung Senate din ano?

MR. LEYNES. Senate 21 at saka Section 21.

MS. OLAÑO. Dito sa draft natin noon?

REP. GUTANG. Powers, Responsibility and Functions sa House version.

MR. LEYNES. So, magiging Section 24 natin yun? Wala na yung "responsibilities", Powers and Functions lang, wala na, Philippine National Police powers and functions na, kasi chapter natin PNP Powers and Functions.

REP. GUTANG. Oo, tama yan. Tapos, Powers of the President, page 35.

MS. APOLONIO. We have kasi sa ibang provision, nilalagyan natin.

MS. OLAÑO. Hindi, na alis natin na lahat..

MR. LEYNES. Powers and Functions, tapos - may powers and functions ba ang Senate?

MS. APOLONIO. Mayroon powers and functions,
22.

MR. LEYNES. Section 22 ha?

MS. APOLONIO. Oo.

MR. LEYNES. Section 25. Power of the President?

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 7 March 22, 1990 12:49 p.m. 3

MS. OLAÑO. Hindi, 25, Organization.

REP. GUTANG. Ah, binago na ninyo?

MR. LEYNES. Hindi pa pala yung Establishment, bawasan natin ang establishment, mukhang ang Organization nandon sa kuwan, sa Establishment.

MS. OLAÑO. Oo, a-ayusin.

MS. APOLONIO. Ano ang ibig sabihin natin doon sa "Organization" is that a composition? Kasi Establishment, nandoon na yung composition.

MR. LEYNES. Alin?

MS. APOLONIO. Yung sa Establishment, sinabi rito Composition, Establishment of PNP. Composition na lang sa Section 23. Kasi, dapat Composition, it's not Establishment.

REP. GUTANG. Kung pabayaan natin itong formal ng national police, "Creation and Composition of NAPOLCOM."

MR. LEYNES. Establishment, pareho rin yun.

REP. GUTANG. Basta in effect, tapos, delete this Power and Function, o di pareho?

MS. APOLONIO. Oho.

MS. OLAÑO. Kasi, practically na established na natin when we defined it under the -- Doon sa Department, under different bureaus, etcetera. Kaya, there's no need of ano, kaya Composition puwede na.

MS. APOLONIA. Hindi, para to be consistent also with the other subject, you have Compositions followed by Functions and then the Organization.

REP. GUTANG. Wala na yang Establishment?

MS. OLAÑO. Wala na ho yung Establishment.

REP. GUTANG. Na establish na daw.

77

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 87 March 22, 1990 12:49 p.m. 4

MR. LEYNES. Pareho nga ng wording ng establishment, Composition na kaagad tayo.

REP. GUTANG. Oo. Kasi, on this basis, sabi niya, matter of style lang yan.

MR. LEYNES. Sa Senate naman, wala namang subtitle. Direct agad sa Section. So, it doesn't matter to them kung gawin nating Establishment, gawin nating Composition. So, ang ilalagay natin Composition. Ba't hindi na natin ilagay ang Creation and Composition katulad ng NAPOLCOM?

REP. GUTANG. Hindi ba "creation", "establishment" din?

MS. OLAÑO. Actually, nalagay na natin doon sa Department yun e, we have already that one.

MS. APOLONIO. Doon sa Creation of the Department, oo nga.

MS. OLAÑO. So, there is no need.

MS. APOLONIO. Magiging redundant.

MR. LEYNES. Saan?

MS. OLAÑO. Na mention na natin sa Creation of department yung different line bureau.

MR. LEYNES. So, Composition na lang. Wala na yung Composition of the Philippine National..., basta Composition lang.

REP. GUTANG. Oo, Composition, correct na ito.

MR. LEYNES. Powers and Functions, tapos ano pa yung Section 25 natin?

MS. OLAÑO. Organization.

MR. LEYNES. Ano naman ang Organization, pagkakaiba sa Composition? Ang Composition ilalagay natin dito, "And all PNP and PC/INP are absorbed", di ba? Ano yung Organization?

COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 7 March 22, 1990 12:49 p.m. 5

MS. APOLONIO. Yung set up.

MR. LEYNES. Ano ang pattern natin?

MS. APOLONIO. Andiyan sa ano.

MR. LEYNES. Section 14 ang counterpart ng Senate yun, ano ag section?

MS. APOLONIO.. Oo, Section 14 yun.

MR. LEYNES. Sectin 14 sa inyo, sa kuwan Section 23 ano?

REP. GUTANG. Organization, Section 23. Sigue, ayos yan, Organization. Ang susunod Powers and Functions?

MS. APOLONIO. Powers and Functions, Sectin 26, the PNP.

MR. LEYNES. Ang susunod?

MS. OLANO. Powers and Functions of the Chief.

MR. LEYNES. Ah, yungisa Powers and Functions of the PNP; ito Powers and Functions of the Chief? E di ilagay natin Powers and Functions of the PNP yung isa, Section 26, Powers and Functions of the Chief. Ano ba ang tawag natin sa PNP Chief?

MS. APOLONIO. Director General, Chief PNP ang position title.

MR. APARRI. Chief, Philippine National Police.

MR. LEYNES. Powers and Functions of the Chief of the PNP. Okay, wala yata ang Senate na ganyan?

MS. APARRI. Yes, that's right.

MR. LEYNES. Anong Section?

MS. APOLONIO. Thirty-one.

MR. LEYNES. Okay, 31 sa Senate. section 27, ano yung Qualifications?



COMMITTEE ON NATIONAL DEFENSE (TWG)

SEVILLA II - 7 March 22, 1990 12:49 p.m. 6

MS. APOLONIO. Kasi, dito sa NAPOLCOM, hindi ba Creation, and then Powers and Functions sa Commission, tapos, magpapasok tayo ng Powers and Functions of the Chairman.

MR. LEYNES. Oo, the Chief.

MS. APOLONIO. Ah, hindi pala, Hindi yun ipapasok.

MR. LEYNES. Tapos na yun.

MS. APOLONIO. Qualification of the Commissioner, tapos Term of Office.

MR. LEYNES. Kaya, Qualifications. Mayroon ba tayo rito sa House? Mayroon ba tayo sa Qualification? Nasaan? /jps



Sarmiento

3-22-90

12:59 p.m.

1

MR. LEYNES. Nasaan? Ah, iyong General Qualification? Sa kuwan iyon, sa PNP. We are talking of the head eh.

MS. APOLONIO. Actually wala pala.

MR. LEYNES. Ano, maglalagay tayo ng isang section for kuwan?

MS. OLAÑO. Meron tayo dito sa draft. Anong section iyon sa House version? Qualifications of Chief of a City and Municipal Police Agencies.

REP. GUTANG. Hindi, kasi the Chief comes from the ano eh, from the promotion system eh.

MR. LEYNES. Powers and Functions of the Chief. Ano ang isusunod natin? Wala na tayong qualification?

MS. APOLONIO. Pero ano bang section iyon sa Qualifications of Chief?

REP. GUTANG. Doon sa ano 'yan, sa...

MS. OLAÑO. ... of a city iyon eh.

MS. PARKER. Oo. Actually Manning Level nga ang sinunod natin eh.

MS. OLAÑO. Oo, Manning Level.

REP. GUTANG. Iyong qualification niya nandoon sa appointment.

MS. APOLONIO. Sa page 19 ng House bill.

REP. GUTANG. Oo, iyong patrolman, start with that, etc.

MR. LEYNES. Sa Senate iyan 23 eh. May 23 iyan sa kuwan eh. So ilagay natin sa qualifications.

MS. OLAÑO. Section 25.

MR. LEYNES. Saan?

MS. OLAÑO. Ng Senate.

MR. LEYNES. Hindi, saka 23. Ito eh kuwan eh. Member ito ng PNP, iba ito. Ito iyong... pulis ito. Sa lahatan na ito, meron din kayo nito eh.

MS. APOLONIO. Pero iyong sa ano...

MR. LEYNES. Qualifications of the Chief of the PNP, maglalagay tayo ng sectiong ganoon? Qualifications of the Chief of the PNP.

MS. PARKER. Nandoon na iyon sa appointment di ba -- Appointment of PNP Officers and Men - Section 20. Tapos sa inyo, Section....

REP. GUTANG Walang qualificatin dahil nasa ano 'yon eh, sa rank structure eh. So wala ito. Wala tayong Qualifications of the Chief. Ano ang susunod natin dito?

MR. LEYNES. Term of Office. Wala rin.

MS. PARKER. Manning Level.

MS. APOLONIO. Hindi, siguro iyong Term of Office, siguro instead na proviso dito sa appointment, maglagay tayo ng separate section - Term of Office - para consistent doon sa NAPOLCOM.

MS. OLAÑO. May Term of Office ba?

MS. APOLONIO. Sa NAPOLCOM may Term of Office tayo.

Eto o.

MS. OLAÑO. Hindi, iyong NAPOLCOM kasi sa Commission iyon.

MS. APOLONIO. Eto o, "Chief of the PNP shall serve a tour of duty not to exceed four (4) years."

MR. LEYNES. Ano ba ang sub-title niyan?

MS. APOLONIO. Appointment.

MR. LEYNES. Di lagyan nating Appointment. Sa Appointment natin ilagay 'yan.

MS. APOLONIO. Kasi kung mag-create tayo ng separate section - Term of Office - alisin na lang natin itong...

MR. LEYNES. Kasama iyan sa Appointment. Kapiraso lang 'yon. Tama na 'yon. Kasama sa Appointment 'yon. Meron pala tayong section sa Appointment eh. Let us leave

it that way. So wala na iyong kuwan, sa Qualifications saka Term of Office.

REP. GUTANG. Wala na 'yon, wala na 'yon.

MR. LEYNES. Di bale, maliit lang 'yon eh, kasama na iyong doon sa Appointment - made-describe ngayon diyan.

REP. GUTANG. So ang susunod diyan, ano 'yon?

MR. LEYNES. Powers and Functions.

REP. GUTANG. 27 wala pa ano?

MR. LEYNES. Wala pa.

REP. GUTANG. Ha, Manning Level ang sinasabi mo?

MS. APOLONIO. Manning Level.

REP. GUTANG. O, Manning Level siguro.

MS. PARKER. Manning Level.

REP. GUTANG. Oo, one percent. One per...

MR. LEYNES. Manning Level.

MS. APOLONIO. Kasi kung ano muna, kung positions?

REP. GUTANG. Ha?

MS. APOLONIO. Kung key positions muna?

MS. OLAÑO. Hindi ba sa Organization na 'yon?

MS. APOLONIO. Actually meron tayong separate sections.

REP. GUTANG. We will start from general to specific, di ba?

MS. APOLONIO. Oo nga, Sir.

REP. GUTANG. Di mas general iyong Manning Level.

MS. OLAÑO. Manning Level muna.

MS. APOLONIO. Kasi, Sir, meron tayong Organization eh, Section 25. So, para malapit, doon sa Organization na 'yon, it also describes the key positions.

